

# Ang Kababaihan ng Tundo sa Panahon ng Batas Militar

Nancy Kimuell-Gabriel, Ph.D.  
*San Beda College*

***Matakot sa kasaysayan sapagkat walang lihim na di nahahayag.***

- *Gregoria de Jesus*  
*Mga Tala ng Aking Buhay at Mga Ulat*  
*ng Katipunan, 1932:20.*

Nahamon nang husto ang katatagan ng Bagong Lipunan ng dating Pangulong Marcos sa Tundo sa mga panahong ito. Lumakas ang pag-oorganisa ng Zone One Tondo Organization (ZOTO), ang di-mapapasubaliang pinakamalakas na organisasyon ng maralitang tagalunsod sa buong dekada 70. Pinanguluhan at nilahukan ito ng maraming kababaihan para ipaglaban ang karapatan sa lupa at tirahan. Bigo si Marcos sa sinasabing “kaunlaran ng Bagong Lipunan” dahil hindi nito nalutas ang pinakamalawak na nagpapahirap sa mga Pilipino sa lungsod at kanayunan: ang kawalan ng lupa na nagpapahirap sa 82% ng pamilyang magsasaka.<sup>1</sup> Dahil dito, tuluy-tuloy ang pandarayuhan sa lungsod at pagsikip ng Tundo, ang kanlungan ng mga kababayang galing sa iba’t ibang probinsya laluna sa Kabisayaan. Pinaigting din ng kawalan ng sapat na irigasyon, atrasadong kagamitan sa produksyon, mataas na upa sa lupa, usura at kalamidad ang mahirap na pamumuhay ng mga magsasaka, idagdag pa ang militarisasyon sa kanayunan.

Dahil hindi naman lumalaki ang sektor ng industriya, sa Tundo, ang mga hanapbuhay na kadalasang pinasukan ng lumalaking bilang ng dayo ay ang pagkakatulong, pagtitinda, pagtatalop ng bawang, pagkakangador, pagmamaneho, pagmemekaniko at pamamasura. Ang mga “bagong kasanayan” na natutunan ng mga babae sa larangan ng pagkakatulong ay pamamalengke, pag-aayos ng mesang panghandaan, pamamalantsa ng barong at amerikana, mga kasanayang ekstensyon ng domestikong gawain. Ang mga

---

<sup>1</sup> Rene E. Ofreneo, *Capitalism in Philippine Agriculture*, 1980 (Quezon City: Foundation for Nationalist studies, 1987), 157-158.

kababaihang nagtrabaho sa maliit na pabrika ay pinahirapan naman ng mas mababang sahod, mapanganib na kundisyon sa paggawa at sistemang pakyawan na kadalasang moda ng pagpapatrabaho at bayaran na nagsasamantala sa lakas-paggawa ng buong pamilya, bata at matanda.

Ang malakas na kilusan ng mga maralita ang naging sentro ng atake ng Batas Militar sa Tundo. Labas-masok sa bilangguan ang mga kilalang lider ng ZOTO. Si Trining Herrera, ang Tagapangulo ng ZOTO at itinuring na pinakamatapang na lider na babae sa Tundo noon, ay sampung beses inaresto't ibinilanggo, tinortyur at kinuryente. Sinosona araw-araw ang komunidad hindi lang para hulihin ang mga lider kundi para magsabog ng takot sa mamamayan at pahinain ang kanilang paglaban. Hindi rin sila pinanghinaan ng loob. Tuluy-tuloy nilang isinulong ang militanteng paglaban sa batas na kinikriminalisa ang iskwating. Pinalakas nila ang mga rali kontra-demolisyon; tinuligsa ang mga mahal na programang pabahay na ginagamitan ng mahihinang matiryales; kinondena ang pagpapatapon sa mga relokasyong walang hanapbuhay, makataong pasilidad at serbisyong panlipunan. Muling lumakas ang pansamantalang nabiglang samahan hanggang tuluyan nilang maipagtagumpay ang distribusyon ng lupa sa Dagat-dagatan at Tondo Foreshore Land.

Ipinanganak si Trinidad Hermogenes Gerilla-Herrera, o Ka Trining sa Leyte noong Hunyo 8, 1941. Sa Leyte nakapag-aral ng elementarya hanggang 2<sup>nd</sup> year hayskul si Ka Trining, lumuwas ng Maynila noong 1958 at nakatapos ng hayskul sa Mapua Institute of Technology. Nakarating siya sa ikatlong taon ng kolehiyo sa Far Eastern University (FEU) sa kursong Agham Pampulitika. Galing sa uring magsasaka ang kanyang pamilya at nagtitinda ng prutas ang kanyang mga magulang nang siya ay lumuwas ng Maynila. Bandang 1963-64 nang lumipat ng Slip 0 (Parola) si Ka Trining. Naging *self supporting student* siya pagkagradyent ng hayskul. Pumasok siyang katulong sa bahay ng may-ari ng kumpanya ng Aji-No Moto mula 1962-65 hanggang naging klerk mula 1966-1972 sa mga opisina ng De Guzman Law & Surveying Office, Philippine Nurses Association at Royal Travels. Walong magkakapatid sina Ka Trining at pangalawa siya sa bunso. Ang komunidad ng Slip 0 ay naging tambakan ng mga basag na bote. Naroroon ang San Miguel Bottling Corp. kung saan nakilala ang una niyang napangasawa na si Roger Herrera, isang empleyado sa pagawaan ng San Miguel. Wala silang anak ni Roger. Nang magkasakit at mamatay si Roger, muling

nakapag-asawa si Ka Trining, kay Fred Repuno, isang dating lider din sa kilusang maralita sa panahong pareho silang aktibong kasangkot sa kilusang masa sa kalunsuran.<sup>2</sup>

Sa simula, ani Ka Trining,

*Karamihan sa mga sumasama nun mga lalake, mga 1969, nag-aaral pa ako noon sa FEU. Hindi ako gaanong nainvolve noon sa student activism, mga 2<sup>nd</sup> yr college, working student ako noon. Sumasama-sama lang ako, hindi ko pa masyadong alam. Yung political Science Prof. ko, laging sinasabi, 'dapat ang tao matutong ipaglaban ang kanyang karapatan. Si Professor Yangco. Natatak sa isip ko yun, na dapat talaga ang tao matutong ipaglaban ang kanilang karapatan. Parang sumasama lang ako hanggang sa dumating ang panahon na, nag-aaral kasi ako noon, same time, nagtatrabaho sa Royal Travels, nag-aayos ng papeles para sa abrod.<sup>3</sup>*

Sa panahong ito, ipinapatupad ng pamahalaang Marcos ang planong pang-ekonomiyang export-oriented, isang ekonomiyang nagluluwas ng hilaw na matiryales at nakasalig sa importasyon ng mga yaring produkto.<sup>4</sup> Matakaw ang ekonomiyang ito sa paggawa ng daan, tulay, paliparan at daungan. Kasama sa kailangang idebelop dito ang internasyunal na daungan sa North Harbor at pantalan ng isda sa Navotas. Subalit may isang malaking pinroblema ang pamahalaan sa proyektong pantalan: humidwa ang sanlaksang naninirahan sa Tondo Foreshoreland na nagtatanggol sa kanilang karapatan sa lupa at paninirahan.

Ang mga maliliit na organisasyon sa Tondo Foreshore Land (TFL) ay nagbuklud-buklod sa isang organisasyong tinawag na Council of Tondo Foreshoreland Community Organization o CTFCO noong 1968. Una itong pinanguluhan ni Resty De Leon. Hindi nagtagal ang konsehong ito dahil sa pakikipagkutsabahan ng mga lider at pagbenta ng kanilang mga kahilingan. Naging mahina ang pamumuno ng CTFCO, sinasabing nabili ang mga lider ng organisasyon habang

<sup>2</sup>Trinidad Gerilla-Herrera, panayam 1, Dagat-Dagatan, Kalookan, 19 Pebrero 2012.

<sup>3</sup>Trinidad Gerilla-Herrera, Panayam 2, Dagat-Dagatan, Kalookan, 22 Marso 2011.

<sup>4</sup>Walden Bello, Herbert Docena, Marissa De Guzman & Marylou Malig, *The Anti-Development State: The Political Economy of Permanent Crisis in the Philippines* (Manila: Anvil Publications, 2009), 9-15. Basahin din ang sumusunod sa kaparehong aklat: Alejandro A. Lichauco, "The International Economic Order and the Philippine Experience," 44-47; Edberto M. Villegas, "Debt Peonage and The New Society," 50-63; Merlin M. Magallona, "The Economic Content of Neo Colonialism," 75-93. Tingnan din ang Cornelia H. Aldana, *A Contract for Underdevelopment* (Philippines: Ibon Databank, Inc., 1989), 13; Alejandro Lichauco, *Towards a New Economic Order and the Conquest of Mass Poverty* (Philippines: SSP, 1986), 13; at Amado Guerreo, *Philippine Society and Revolution*, 1970 (Philippines: Aklat ng Bayan, Inc., 2005), 65-87.

ang may 5,000 kasapi nito ay nakatipon sa bakuran ng Malakanyang. Ang mga lider na puro lalake ay nailalabas sa yate ng may-ari ng La Tondeña, napapakain at napapainom,<sup>5</sup> at hindi na natanganan pa ang mga ipinakikipaglaban nila para sa lupa. Ayon kay Trining:

*Nakikita ko sa mga negotiation parang may kahinaan ang mga lalake. Hanggang dinala ng may-ari ng Tanduay sa yate, hindi na ako sumama sa yate. Nang bumalik sila, sabi pag-uusapan pa raw. Sabi ko, 'hindi pwede yung ganon. Kung nakikipagnegotiate tayo, dapat may posture tayo na eto talaga ang dapat ibigay.' E bakit daw hindi ako sumama. Sagot ko, 'E hindi nyo ko pinasama e. Kasi babae ako!'*<sup>6</sup>

Dahil dito, kumalas sila Trining, David Balondo, Dante Vitug at Pedro Tambolero sa CTFCO at itinatag nila ang ZOTTO noong Oktubre 1970 (Zone One Tondo Temporary Organization sa tulong ng PECCO (Philippine Ecumenical Center for Community Organizing), isang organisasyon binubuo naman ng mga katoliko at protestanteng taong simbahan na may karanasan at kahandaang tumulong sa mga pagpupunyagi ng mga maralita sa Tundo. Dinaluhan ito ng 64 na lider at kasapi ng 20 organisasyon mula sa pitong komunidad ng Tundo. Ayon kay Trining,

*Nung dumating yung pagkakataon na may mga religious organizations na pumunta sa Tundo, at sa pag-uusap ay minungkahi kung pwedeng buuin nang maayos ang organizing work sa Tundo, pumayag akong maging pilot area yung lugar ko. Kinausap ko si Balondo, Tambolero, lahat ng mga leaders non sa Tundo, na magbuo na lang tayo sa southern tip ng Tondo Foreshore Area (TFA) ng totoong pakikipaglaban para sa lupa. Kung yon talaga ang gustong mangyari.*

*"Hanggang dumating yung Mayo 1971, nagkaroon na kami ng Convention. Kasama din sina Dante Vitug, Balondo, Tambolero... Nagkaroon kami ng pag-uusap na talagang dapat na hindi tayo papayag na para tayong mga batang binibigyan lang ng kendi kapag umiiyak. Dapat kako organisahin natin na ang mga tao mismo ang magdedesisyon kung ano talaga ang gusto ng mamamayan. Gusto nila ng maayos na paninirahan. Tayo bilang mga lider, yon dapat ang katigan natin bilang mga lider. Hindi tayo lang. Ako sugo lang ako ng taumbayan. Eto gusto nila. Na maging kanila na ang lupa. Pumayag sila. Nabuo ang ZOTO. Naging permanent organization ito noong May 11, 1971. Nagkaroon kami ng Convention. Dumating mahigit 2,000 mamamayan. At ako ang nahalal na presidente."*<sup>7</sup>

<sup>5</sup> Jurgette A. Honculada, "Case Study: ZOTO and the Twice-Old Story of Philippine Community Organizing," *Kasarinlan*, 1(2) (4<sup>th</sup> qrtr, 1985):14 at Trining Herrera, panayam 1.

<sup>6</sup> Herrera, panayam 1.

<sup>7</sup> Ibid.

Idinaosang Unang Kumbensyon noong Mayo 11, 1971 sa Kapatiran sa Kaunlaran Foundation, Inc. (KKFI). Zone One Tondo Organization (ZOTO), ang naging permanenteng pangalan ng organisasyon.<sup>8</sup>

## Ang pagkabuo ng ZOTO

Naging mabilis ang paglawak ng ZOTO. Nang ilunsad ang una nitong kumbensyon, dinaluhan ito ng 725 delegado na kumakatawan sa 53 organisasyon na may 20,000 kasapi.<sup>9</sup> Sa ikalawang kumbensyon, may 1,400 na ang mga delegadong dumalo.<sup>10</sup> Nakitang dahilan dito ang determinasyon mismo ng mga taong ipaglaban ang kanilang karapatan sa lupa at pananahan. Tinulungan din sila sa pag-oorganisa ng mga aktibistang kasapi ng pambansang demokratikong kilusan at mga progresibong relihiyosong naghahangad na isabuhay ang tunay na paglilingkod sa tao. Ang paraang *community organizing* (o CO approach) batay kay Saul Alinsky, ang isa pang itinurong dahilan ng mabilis na paglawak at paglakas ng organisasyon. Si Saul Alinsky ay ikalawang henerasyon na Amerikano-Ruso-Hudyo na dumating sa Maynila noong kalagitnaan ng dekada 70 at kilalang may apat na dekadang karanasan sa pag-oorganisa ng mga komunidad. Ang paraang ito ay nakasalalay sa mga konsepto ng pagpapalakas ng kapangyarihan sa pamamagitan ng organisasyon, mapanlikhang pagtangan sa mga hidwaan at pag-oorganisa at pagpapakilos sa mga tao batay sa kagyat na pansarili nilang interes.<sup>11</sup> Subalit ayon kay Dante Ambrosio, propesor sa UP at dati ring taga Tundo at nag-aral sa Torres High School,

*Mahalaga ang ambag ng taong simbahan—Katoliko, Protestante at iba pa – sa paglakas ng kilusang anti-diktadura. Ginamit ng lumalabang mamamayan ang dasal, misa at prusisyon upang samang maghain ng pagtutol, yamang bawal ang rali, demonstrasyon at martsa. Nagbuo sila ng mga Basic Christian Communities (BCC) na naging muog ng mga maralita hindi lamang para sa pananampalataya kundi para rin sa pakikibaka. Bumuo rin ang mga taong simbahan ng mga institusyon para tumulong sa kilusan ng mamamayan.<sup>12</sup>*

<sup>8</sup> Honculada, "ZOTO," 15; Trining Herrera, panayam 2 at Jun Corazon, panayam, Moriones, Tundo, 16 Agosto 2011. Si Jun Corazon ay pumasok sa ZOTO noong 1976 at 20 taong gulang lamang siya noon, 57 na siya ngayon at aktibong organisador ng unyon sa Tundo.

<sup>9</sup> Herrera, panayam 1.

<sup>10</sup> Honculada, "ZOTO," 16.

<sup>11</sup> Honculada, 15; Maynardo P. Mendoza, "ZOTO: On Its 25<sup>th</sup> Year: Lessons & Challenges." *Intersect* (1995):18; Corazon, panayam.

<sup>12</sup> Dante L. Ambrosio, "Militanteng Kilusang Manggagawa sa Kamaynilaan: 1972-1982 Paghupa, Pag-ahon, Pag-agos," sa Jaime B. Veneracion, pat. *Ang Kilusang Masa sa Kasaysayang Pilipino 1900-1992, Philippine Social Science Review Special Issue* (January-December 1994): 146-190.

Sa Tundo, nakita ang ganitong pagtugon ng taong simbahan sa kalagayan ng mga maralita nang tumulong ang PECCO para magsawa ng masinop na gawaing pag-oorganisa sa hanay ng mga maralita na naging daan sa pagbubuo, paglawak at paglakas ng ZOTO. Nagtatag din sila rito ng Sambayanang Kristiyanong Komunidad o SKK. Si Ka Eddie Guazon, ang kabiyak ni Nanay Feling Guazon, ang unang tagapangulo ng SKK sa Magsaysay Village, Tundo. May koordinasyon ang SKK sa ZOTO.<sup>13</sup>

Naglunsad ang ZOTO ng di mabilang na mobilisasyong masa para igiit ang karapatan sa lupa, relokasyon, pagpapatigil ng pagtatayo ng mga gusali't pampublikong gawain sa mga lugar na nakalaan para sa kanila o kaya'y kanilang inookupa. Hiniling din nila sa midya na tawagin silang "mamamayan ng Tundo," at hindi iskwater o Tondo folk. Nagrali sila at nakipagdayalog kay Pope Paul VI para basbasan ang kanilang pakikibaka sa lupa, na labis na ikinapahiya ng Cardinal ng Maynila at nagtulak dito na mangako na maglulunsad ito ng maramihang proyektong pabahay para sa lugar ng Tondo. Ani Corazon, dito rin napahiya ang dating Unang Ginang Imelda Romualdez Marcos at ito na rin ang hudyat ng pag-init ni Trining.<sup>14</sup> Iginiit din ng ZOTO ang protesta kontra sa pagpasok ng Cement Association of the Philippines sa TFL at pagbibigay dito ng pamahalaan ng pitong ektaryang lupain para sa operasyon nito sa Luzviminda Village. Pero ang rurok ng tagumpay ng pakikibaka para sa lupa ay nakamit nila nang sa wakas ay maisagawa ang *in-city relocation* sa Dagat-dagatan, Kalookan at maibigay ang mga lupa sa Tondo Foreshore Land.<sup>15</sup> Ani Ka Trining,

*Matagal na proseso, inabot kami ng 1971. Nung August 1971, dineklara naman ni Marcos na alisin ang writ of habeas corpus. So nawala na naman yon. Nahinto na naman. Hanggang natapos ang suspension ng writ of habeas corpus dahil sa pagrarily din. Sumasama din ako sa rally. Mula 1969 sumasama na ako. Kauumpisa pa lang. Sa harap ng Malakanyang, harap ng Kongreso...dahil gusto namin yung pag-alis sa suspension ng writ of habeas corpus, dun din kami sa Kongreso. Hanggang natapos ito. Binalikan namin ang DAR. Filled up na forms. Sabi ni Estrella dalhin sa DAR. Dinala namin, pinareceive sa kanya. Eto ang residente ng TFA na mabibigyan ng karapatan sa paninirahan. Hanggang dumating ang 1972, idineklara naman ang Martial law (ML). Inabot. Sa bagal ng pagkilos ng mga tao sa gobyerno, inabot ng ganong kahaba.<sup>16</sup>*

<sup>13</sup> Edmund Guazon, panayam, Kalye Maginoo, 7 Abril 2011.

<sup>14</sup> Corazon, panayam.

<sup>15</sup> Honculada, "ZOTO," 16.

<sup>16</sup> Herrera, panayam 1.

## Ang Deklarasyon ng Batas Militar, 1972

Idineklara ni Pangulong Marcos ang Batas Militar noong Set. 21, 1972 sa pamamagitan ng Proclamation 1081. Ipinalam naman niya ito sa mamamayan noong Setyembre 23. Sinuspinde niya ang *writ of habeas corpus*. Nilusaw niya ang opisina ng bise-presidente at ipinasara ang Kongreso at Senado. Binalasa ang Korte Suprema; naglagay ng *curfew* mula alas-12 n.g hanggang als-4 n.u. Sinupil ang mga demokratikong karapatan; ipinagbawal ang mga unyon, organisasyon, ang mga konsehong pang-mag-aaral at iba pang samahang pangmasa. Sinekwester ang ari-arian ng mga mayayamang kalaban sa pulitika at ipinaaresto ang mga kilalang lider ng oposisyon tulad nina Ninoy Aquino, Pepe Diokno, Lorenzo Tañada, Nene Pimentel, Teofisto Guingona, Soc Rodrigo, Charito Planas (na isa ring Tundenya), Nap Rama, at Ernesto Rondon, at marami pang iba. Naikutan mismo ni Charito Planas ang lahat ng kampong militar na pinagbilanguan sa kanya – Aguinaldo, Bonifacio, Crame at Panopio; naibilanggo sa *maximum security*, nalagay sa *solitary confinement* at siya lamang ang inaresto't ikinulong kasama pati ang kanyang buong kasambahayan, kung sinuman ang dinatnan ng mga mang-aaresto sa kanyang tahanan ay isinama't ikinulong din.<sup>17</sup> Ipinasara ni Marcos ang mga pribadong midya saka isa-isang ipinasa ito sa kanyang mga kroni. Naglabas siya ng mga libu-libong dekreto at mga *special orders* para patibayin ang legal na balangkas ng walang taning niyang paghahari at pamamahalang militar. Sinona ang mga komunidad ng maralita at pinagdadampot ang mga kriminal pati mga pinaghihinalang aktibista at oposisyon.<sup>18</sup> Naghari ang sindak at katahimikan sa Tundo. Pagpapatuloy ni Ka Trining,

*Pagdating ng ML, nawala na ang hanapbuhay ko. Nawala na ang pag-aaral ko. Nawala na ang travel, bawal na magtravel kung di manggagaling kay Marcos. Niraid ang office namin noong 1972. Lahat ng lidars ng ZOTO kinuha. Fred Repuno, Tambolero, Balondo, ako... Ako lang babae sa lider.*

<sup>17</sup> Chic Fortich, *Escape! Charito Planas: Her Story* (Quezon City: New Day Publishers, 1991), 76-81.

<sup>18</sup> Para sa mga literatura sa karanasan sa ilalim ng Batas Militar, konsultahin ang Danilo P. Vizmanoz, *Martial Law Diary and Other Papers* (Quezon City: Ken, Inc., 2003); Patricio N. Abinales and Donna J. Amoroso, *State and Society in the Philippines* (Pasig City: Anvil Publications, 2005), 205-229; Ambrosio, "Militanteng Kilusang Manggagawa sa Kamaynilaan," 146-190; Jose Ma. Sison at Julieta de Lima, *Ekonomiya at Pulitika ng Pilipinas* (Pilipinas: Aklat ng Bayan, 2003), 139-144. Tingnan din ang Fortich, *Escape!*, 58-75; Nancy Kimuell-Gabriel, "Batas Militar at Kapangyarihang Bayan: Ang Huling Tatlong Dekada sa Dantaon 20," Seminar in Teaching Philippine History (Tarlac City: Tarlac State University, UP Departamento ng Kasaysayan and Commission on Higher Education, April 2-3, 2001), manuskrito.

*Hanggang sa 1973, November 17, may demolition sa bahagi ng Parola. Beautification ng Pasig River tinutulan namin yon. Kaya kami naglakad, wala mang placard pero mahigit kumulang 1,000 tao'ng naglalakad. Nang tinanong kami saan kami papunta sabi ko 'sa Malakanyang,' para pigilan yun. E bago palang yung Metrocom Chief. Pinipigil kami sa McArthur Bridge sa may Quiapo. O sige makikipag-usap tayo kay Marcos. Yun pala, dinala kami sa Camp Panopio. Yung mga officers. Anong negotiation ito, bakit sa Camp Panopio? Hanggang sa lumabas, mga walong oras kami roon, pinalaya din kami. Wala ding nangyari.*<sup>19</sup>

Ayon kay Ambrosio, “sa simula, tila natupad ng rehimeng batas militar ang ipinangako nito sa mamamayan kapalit ng kanilang mga kalayaang sibil. Nagkaroon ng katahimikan at nabawasan ang kriminalidad.”<sup>20</sup> Umaayon dito ang obserbasyon nina G. Cobarrubias, Sonny Ventura at Tino Perez. Anila “*pinaghuhuli ang mga kriminal sa Tundo at malaki talaga ang ibinawassa rayutan at kaguluhan hanggang napawi ito noong huli.*”<sup>21</sup> Patuloy ni Ambrosio, “Bagamat nagkaroon ng problema sa suplay ng bigas at nagkaroon ng krisis sa langis noong 1973-1974, tumaas naman sa pandaigdigang pamilihan ang presyo ng eksport ng Pilipinas gaya ng asukal at kopra. Nalampasan ng bansa ang krisis sa langis at nagkaroon ng sapat na suplay ng bigas pagdating ng 1976. Sa unang limang taon ng batas militar, lumaki ang GNP ng bansa ng average na 6.5%. Nagkaroon din ng pagbabago sa mga produktong pang-eksport. Lumaki ang eksport na damit at elektroniko gayundin ang mga di-tradisiyunal na produktong adrikultural gaya ng saging. Ipinagpatuloy ng pamahalaan ang mga proyektong imprastruktura na naglatag ng mabilis na ugnayan sa pagitan ng mga rehiyon ng bansa.”<sup>22</sup> Nasa ganitong disenyo ang Tundo kaya pinapaganda ang mga imprastruktura tulad ng internasyunal na daungan at imbakan sa TFL. Binabakuran at pinipinturahan ng kalbuero ang mga bakod sa mga lugar ng maralita na nagsisilbing “sore eyes” sa mata ng lahat ng tumitingin. Sa loob ng Martial Law ay inihain ni dating Unang Ginang Marcos ang *beautification project* na wawalis sa mga iskwater.

Para sagkaan ang mga demolisyon sa kanilang mga bahay at labanan ang iwinawasiwas na mga proyektong pangkaunlaran

<sup>19</sup> Herrera, panayam 1.

<sup>20</sup> Ambrosio, Dante L. “Batas Militar: 1972-1986, 3 Bahagi. Part 1:4, <http://philippinehistory.ph/batas-militar-1972-1986-1-2>, Oktubre 2, 2011

<sup>21</sup> Manny Cobarrubias, Juanito Ventura at Faustino Cruz, panayam ni Nancy Kimuell-Gabriel, Taft Avenue, Maynila, Oktubre 27, 2004, *Our Tondo: An Oral History of Tondo from 1920s to 1960s*, vol. 1, 130-131, transcript, Torres High School Class 55 Foundation Oral History Project, December 2005.



at kampanyang pagpapaganda, nagmartsa ang mga maralitang kaanib sa ZOTO sa tinaguriang “Alay-Lakad” noong Nobyembre 27, 1974 patungong Malakanyang.<sup>23</sup> Ito ang kauna-unahang rali-demonstrasyon sa ilalim ng Batas Militar. Ayon kay Corazon,

*Hinarang nang hinarang pero nakarating pa rin sa Mendiola bridge. Sa kauna-unahang pagkakataon, nakapagrali sa Mendiola sa ilalim ng batas militar. Sa Gate 7 ng Malacañang nakatapak ang mga lider. Pagkatapos ng dayalog, sabi ni Marcos, ‘Ang lupa ng Tondo Foreshore mula ngayon ay sa inyo.’<sup>24</sup>*

Noong 1975, ibinaba ni Marcos ang Presidential Decree 814 na nag-alok sa mga marerelokeyt ng karapatan na mag-ari ng lupa sa kanilang lilipatan, uupahan ito ng 25 taon, na pwede pang palawigin muli nang 25 taon at pwede pa nilang bilhin pagkatapos ng limang taon para tuluyang mapasakanila ang lupa. Pinababayaran ang lupa ng 95 sentimos per sq.m. Hindi pa kasama ang gastos sa pagpapaunlad (cost of development) na itatakda na lang daw sa huli. Tinuligsa ito ng mga residente sa sumunod na taon (1976) na hindi nila abot-kaya ang presyo at hindi ito garantiya laban sa demolisyon. Tinuligsa din ang *road reblocking project* na magpapaalis sa kanila sa kanilang mga lugar.<sup>25</sup>

Isa sa mga di malilimutang pamana ng rehimeng Marcos ang matinding militarisasyon at paggamit ng kamay na bakal sa lahat ng mga aktibista at oposisyon. Dahil inabot sila ng deklarasyon ng Batas Militar, pinakain ang mga lider ng sunud-sunod na Preventive Detention Action (PDA), Arrest Search and Seizure Order (ASSO) at Presidential Commitment Order (PCO). Dinampot nila’t ikinulong ang mga aktibista’t mga relihiyoso nang walang mandamyento de aresto, walang kaso at walang takdang panahon. Maging si Fr. Edicio dela Torre na Board Member ng PECCO noon ay ikinulong at ibinilanggo.<sup>26</sup> Sa loob ng 24 oras matapos makipagdayalogo sa dating Unang Ginang Imelda Romualdez Marcos, pinaghuhuli ang mga lider ng alyansa ng mga organisasyong pangmaralita. Sa loob ng isang buwan, sinosona tuwing madaling-araw ang Tundo para arestuhin hindi lang ang mga kriminal, mga may tato, nakahubad at mahahaba ang buhok kundi pati mga pinaghihinalaang subersibo sa mga tukoy na balwarte ng mga lider ng maralita. Halos lahat ng

<sup>22</sup> Ambrosio, Part 1:4.

<sup>23</sup> Ambrosio, 2.

<sup>24</sup> Corazon, panayam.

<sup>25</sup> Honculada, “ZOTO,” 15.

<sup>26</sup> Ambrosio, 2; Mendoza, “In its 25<sup>th</sup> Year,” 19.

<sup>27</sup> Honculada, “ZOTO,” 17; Trining Herrera, panayam 1; at Edmund Guazon, panayam.

pangunahing 20 lider ng ZOTO ay nasa listahan at inaresto.<sup>27</sup> Walang tigil na tumakbo, nagtago at tinugis ang 20 lider na ito, kasama na sina David Balondo, Tambolero, Fred Repuno at Eddie Guazon.

Ang kwento ni Nanay Feling, asawa ni Eddie Guazon, ang isang patotoo kung paano siya nahirapan sampu ng kanyang pamilya sa panahon ng Batas Militar. Aniya,

*Panahon ni Marcos, 1976 'yun. Ito kasing aming lupa, ipinaglaban talaga namin. Ayaw ibigay ni Marcos dahil tatayuan daw ito ng mga building para sa mga turista. Doon nagsimula ang pakikisangkot ni Ka Eddie. Sa simula, nagtatalo kami, sabi ko, mula nang pumasok siya diyan, hindi na siya masyado sa pamilya. At sa ganoong panahon na 'yon, pag nalaman na kasama ka, makukulong ka. Ang sabi ko sa kanya, 'Paano ang mga anak natin pag nakulong ka?' di bale sana yung ibang anak namin, malalaki na, di ko na masyadong problema, e yung bunso ko, 1973 ko lang pinanganak. Ayaw ko siyang pasamahin dahil sa hulihan, ilang beses ba siyang nakulong? Dalawa!*

*May mga time kasama rin ako sa rally. Dahil siya ang lider dito, umakyat kami sa Malacañang, ayaw sila pababain doon. Nasa kalsada rin kami hangga't di siya manaog doon. Matagal din naming nakuha itong lupa. Noong una niyang kulong, nine months. Noong pangalawa, anim na buwan. Hirap talaga kami, di namin siya makita kung saan siya itinago. Hanggang bumaba ang Martial Law. Dun na kami nagkaproblema, hinahabol na siya dahil naging lider na siya sa NCR, lumaki ang katungkulan niya, di na lang sa Tundo. Nung umakyat siya sa Malacañang, nakausap pa niya si Madam Imelda, ang sabi raw, 'Oo sige, ibigay na sa inyo yung mga hinihiling ninyo.' Yun pala, alibi lang. Pagbaba niya rito galing sa meeting, sabi niya, 'sabi ni Madam, ibibigay na daw ang hinihiling ng mga squatters, yung mga lupa, ipamimigay na.' Dati, tulay yang stop light na yan, dagat pa yan, tulay yan rito hanggang doon, pagbaba niya, mayroon na palang nakasunod sa kanya, pinik-up siya. Mabuti na lang may nakakita na pinik-up siya. Kinabukasan, di na siya nakauwi. Mabuti na lang may nakakita. Kumalat na ang balitang pinik-up si Ka Eddie.*

*Ang hirap ko noon! Araw-araw nagpunta kami sa Bicutan, kasi may nakapagsabi sa akin, nandun daw. Pero pagdating doon, wala daw. Araw-araw laging ganon. Sinasamahan ako nina Sr. Maria at yung paring Amerikano, sakay nila ako. Araw-araw, wala talaga! Umiiyak na ko, yung mga bata umiiyak din. 'Diyos ko, saan namin hahanapin ito? Saan napunta si Ka Eddie?' Tapos may nakapagsabi ang pangalan niya nandiyan. Kasi yung building sa Bicutan, mababa, parang nakalubog siya, kapag nandun ka sa ibaba, makita mo lang yung bintana na may jealousy. Parang basement. Kaya lang may bintana na makikita. Pag nanduon ka sa itaas, makikita mo sila dun sa ibaba. Nung tatlong linggo na yata siya, isang araw, lagi kasi ako nakatayo sa gate e, tapos si Ka Elsie, asawa ng kasamahan ko, nakita kami dun sa bintana. Ang ginawa niya, kumaway siya nang ganyan. E siempre, maitim kasi ang kamay*

*ni Mr. Guazon, may singsing siya. Sabi ko, 'Hay! Nandun si Eduardo! Hay! Hay!' sigaw kami nang sigaw! Sigaw din nang sigaw si Eduardo, 'Nandito kami! Nandito kami!' Ayun, dun lang namin siya nakita. Sabi namin sa gwardiya? Bakit sabi ninyo wala??? Ayun o! ayun ang Mister ko!!! 'Ayun ba ang Mister niyo?' Magmula nun, nakakuha na kami ng permit. Tuwing Linggo nakakadalaw na kami.*

*Diyos ko, kami naman dito, nagtrabaho ako sa pabrika. Kahit paano, nakasurvive kami. Yung anak kong panganay, nagtrabaho dun sa Bureau of Public Works, kaya kahit paano, nabuhay din kami. Ako naman, nanahi ng bra, kung anu-ano, kahuli-hulihan nga, nasa pabrika ako ng bag pang-eksport sa Amerika. Tapos nung makalaya na siya, ilang buwan lang iyon, nakulong na naman siya, kasama pa ang anak kong si Gloria. Matatawa ka nga, may nagknock-knock. Sino ho kayo? Nandito ho ba si Gloria? Ako ho, sabi ng anak ko. Huli ka! Kasama tatay niya. Dalawa na silang dinampot. Dinala naman sila sa Fort Bonifacio, mga tatlong buwan. Wala ring ipinatong na kaso. Basta lang hulihin kasi nakita ngang sumasama. Sayang nga ang kanyang lisensya, kasi radio operator siya at nakapagtrabaho na ng anim na buwan. Nagtrabaho din sa sa Bangko Central. Di na siya nakabalik kasi kinuha yung clearance, e wala siyang clearance kasi nahuli na siya. Di na siya makakuha ng clearance unless dukutin mo yung kanyang record. E may record na e. National pa yung record niya kasi gubyrno noon ang kalaban.<sup>28</sup>*

*Minsan, nakipagtalo din ako kay Ka Eddie pero hanggang doon lang. Sabi niya sa akin, 'kung hindi tayo ang kikilos, sino ang kikilos?' Pero ang sabi ko, 'Paano nga kung may mangyari sa iyo? Gaya nga nung makalabas diya, akala mo tapos na. Naku! nagtago na naman lagi kasi hinahabol na naman siya saan man pumunta. Magtatago dun sa kapatid ko sa Navotas, sa Dagat-dagatan. Nag-iinum-inom muna ako kasi nga natatakot ako. Sa loob-loob ko, Diyos ko, anong buhay ko ito? Para tuloy akong kabit, mayroon kaming araw.*

Tinortyur ang mga detenidong pulitikal. Hindi lang simpleng pambababoy kundi ginahasa ang mga kababaihang detenido. Noong 1985, ayon sa GABRIELA, 1,500 ang naitalang kaso ng iba't ibang sekswal na panggigipit sa ilalim ng rehimeng Marcos. Pinakabrutal na kaso ang nangyari kina Liliosa Hilao (pinatay pagkatapos gahasain), Puri Pedro (pinatay sa pamamagitan ng pagsakal), kay Adora Faye De Veyra at Hilda Narciso.<sup>29</sup> Si Trining Herrera mismo ay 10 beses inaresto at sa panghuling pagdakip sa kanya noong 1977, matindi siyang pinahirapan habang sapilitang pinapaaming myembro siya ng Communist Party of

<sup>28</sup> Felicitas Griar-Guazon, panayam, Kalye Maginoo, Velasquez, Tundo, 7 Abril 2007.

<sup>29</sup> Aurora Javate De Dios, "Participation of Women's Groups in the Anti-Dictatorship Struggle: Genesis of a Movement," in *Women's Role in Philippine History: Selected Essays* (Quezon City: UP Center for Women's Studies, 1996), 151.

the Philippines (CPP). Tinortyur siya at matinding kinuryente. Dahil doon, pansamantalang nawala sa sarili si Trining at may tatlong linggo bago nanumbalik ang kanyang alaala.<sup>30</sup> Paglalahad ni Ka Trining,

*Madalas din ako nakukulong. Nakulong ako April 1974. Sampung beses akong nakulong. E pag anniversary ng Martial Law, Preventive Detention Action (PDA) yung ginagawa sa amin para di daw kami sumama sa mass action. Hanggang sa dumating na yung 1975, dapat judge ako sa International Architectural Foundation sa Kapitbahayan. Di rin ako pinayagang makalabas nung 1975 papuntang Canada. Sa halip binigyan ako ng Arrest, Search and Seizure Order (ASSO).*

*1977, unrest na yun ng mga workers. Nagsasalita ako sa Pasig, Taguig, Novaliches hanggang April 23, 1977, dun ako inaresto. Sa Katipunan. Sumigaw ako sinabi ko pangalan ko, pakisabi kay Sr. Christine Tan, may nagsabi kaya alam nilang kinuha ako ng Intelligence Unit ng Manila.*

*Kinabukasan, tinurn over ako sa MISG. Kinagabihan, 7 pm, interrogation. Di ako sumasagot. Binaltak nila ang blouse ko. Natanggal. Nakabra na lang ako. Ginawa nila, field telephone office yon e. Maliit na kwarto lang. Nilagay nila yung wire dito (sa dalawang hinlalaki) habang nakatayo ako. Tinatanong nila kung member ako ng CPP-NPA, sabi ko hindi. Presidente ako ng ZOTO.*

*'Sinu-sino mga kilala mo?' Sabi ko kilala ko si Pedro Tambolero, David Balondo, Eddie Guazon, lahat ng lider sa TFA. Kasi nabuo na ugnayan namin sa Tondo Foreshore Land, 1976 nabuo na. 'Ikaw ay ano, nag-iikot ka buong Metro Manila.' Sabi ko, ano bang masama kung mag-iikot ka sa buong Metro Manila? Hindi naman ako nagpunta sa bundok at lumaban sa inyo. 'Nagpupunta ka sa Ateneo?' 'Oo!' sabi ko.*

*Tuwing ano, pinaiikot nila yung...pumapasok yung current sa katawan ko. Kinukuryente nila ako. Hanggang sa nanghina na ako. Pinapapirma ako na inaamin ko na myembro ako ng CPP-NPA.*

*Tapos sabi ko di ko pipirmahan yan. Tapos nilipat nila yung kuryente sa nipple ko, kinukuryente nila ulit ako. Tuwing tanong nila na di nila gusto yung sagot, kinukuryente nila ako. Pati ba naman pagpatay kay Rizal gusto nyo aminin ko? Nang kukuryentehen na ako sa pwerta, doon na ako nagsisigaw nang nagsisigaw.*

*Nawala ako sa sarili dahil sa lakas ng kuryente sa akin. Nakalakad naman ako. Nakakapagsalita. Mga isang linggo bago ako makaregain. Tapos kinukuha na naman ako ng mga army doctor para examinin daw ako. Hindi ako sumama. Nilock ni Nelia (Sancho) yung gate sa ibaba.*

*Naging incoherent ako nung panahon na yon. Hindi ako kumikibo. Hanggang binisita ako ni Stephen Bosworth. Dumating ang BBC, pati si Stephen Bosworth. Sabi ni Nelia, alam mo binisita ka ng Ambassador ng US. Tinatanong ka...<sup>31</sup>*

<sup>30</sup> Herrera, panayam 1&2. Ayon kay Mendoza at Corazon, nareyp si Trining, Tingnan ang Meynardo P. Mendoza, "On Its 25<sup>th</sup> year: Lessons and Challenges," 19; Corazon, panayam. Subalit iwinasto ito ni Trining. Aniya, hindi totoo. Pangunguryente ang pinakamatinding ginawa sa kanya ng mga militar.

<sup>31</sup> Herrera, panayam 1.

May mga kasapi ang KADENA na dinudukot at napabilang sa Desaparecidos.<sup>32</sup> Sa La Tondeña ayon kay Nora Villanueva o Nanay Nora (di-tunay na pangalan),

*Yung ibang kasamahan ko nadukot. Mayroon kaming isang kasamahan nilagay sa isang bloke ng yelo, pero hindi pa rin kami naglie low. Mayroon din kaming kasamahan dinukot siya mismo dito, halos katabi lang ng bahay ko. Hinanap namin siya kahit saan. May patay dun, pinahuhukay pa namin yan. Sa grupo ko, tatlo na ang nadukot, isa ang taga La Tondeña, yung dalawa sa labas. Pero matagal na rin akong wala sa organisasyon, mula ng malipat ako dito.*<sup>33</sup>

Sa panahon ng Batas Militar, sunud-sunod na dikretong presidensyal at mga direktiba ang ipinasa tulad ng Letter of Instruction No. 19 na nagpapaalis ng lahat ng ilegal na konstruksyon sa kahabaan ng ilog at mga kanal, riles ng tren at lahat ng ilegal na konstruksyon sa mga pampubliko at pribadong pag-aari. Sinundan ito ng maramihang pagpapalipat sa Sapang Palay, San Jose Del Monte, Bulacan; San Pedro Laguna at Carmona, Cavite.<sup>34</sup>

Noong Marso 20, 1978, ipinasa ang PD 1314 na naglilinaw ng patakaran sa lupa sa Tondo Foreshore Land. Kasama ring inililinaw dito na babayaran nila sa loob ng 25 taon ang halaga ng lupa (P5 bawat metro kwadrado at kapalit nito ay bibigyan sila ng Certificate of Occupancy) kasama ang halaga ng pasilidad at serbisyo na inilagay sa naturang lugar o ang cost of development (COD). Ang COD naman ay nagkakahalaga ng P0.95 bawat metro kwadrado. May interes na 12% kada taon ang amortisasyon. Kung hindi mababayaran, babawiin sa kanila ng NHA ang kanilang tirahan. Ang pangongolekta ng COD ay sinimulang gawin noong huling bahagi ng 1983.<sup>35</sup>

Pagdating ng 1979, muling inumpisahan ang walang habas na demolisyon at reloksyon sa Dasmariñas, Cavite at Dagat-dagatan. At dahil nagkahiwa-hiwalay ang mga kasapi ng ZOTO, nag-organisa pa rin sila at nagtayo ng mga sangay ng ZOTO sa mga lugar na kanilang pinaglagyan. Nananatili silang kumikilos para labanan ang mga kontra-mamamayang batas tulad ng PD 772 na nagtuturing sa iskwating bilang krimen. Tinuligsa nila ang flexihomes ng pamahalaan

<sup>32</sup> Kabataan Para sa Demokrasya at Nasyonalismo, isang samahang pangkabataan sa komunidad. Ang mga desaparecidos naman ay ang mga dinukot na aktibista at pinaghihinalaang sinalbeyds ng mga militar; Salome Palo-Degollacion, panayam, Aroma, Vitas, Tundo, 5 Abril 2011.

<sup>33</sup> Nora Villanueva, panayam, Tundo, 15 Abril 2011.

<sup>34</sup> Edmund Coronel, "What Price Development for Squatters?" *Mr. & Ms.*, November 9-16, 1984, 32-33.

<sup>35</sup> Coronel, "What Price," 34.

na masyadong mahal sa kabila ng mahihinang klase ng matiryales na ginamit at para hilingin sa pamahalaan ang nauukol na batayang serbisyo para sa komunidad at mamamayan.

Noong 1982 natikman ng mga taga-ZOTO ang bunga ng kanilang pagpupunyagi. Napagwagian nilang magkaroon ng mga sari-sariling lupa sa Dagat-Dagatan na tinaguriang *in-city relocation* o relokasyon sa loob ng Maynila. Maliban dito, naipamalas ng mamamayan ng Tundo na sila ay may kapangyarihan kung magkakaisa at sama-samang makikibaka. Sa proseso, naipundar nila ang mataas na pagpapahalaga sa sarili, respeto at dignidad na dapat lang tinatamasa ng tao. Napatunayan din ni Trining ang kanyang pamumuno at naipamalas ng sangkababaihan ng Tundo na bumubuo ng mahigit 50% ng ZOTO ang kaya nilang gawin nang higit sa kanilang inaakala. Inani din ng ZOTO ang respeto at paghanga ng ibang sektor dahil sa matatag na paninindigan at masikhay na pakikibakang ipinamalas ng mga taga-Tundo. Higit sa lahat, napatunayan nila ang halaga ng organisasyon, at ang pagkakamit ng kapangyarihan sa sama-samang pagkilos.<sup>36</sup> Ani Corazon,

*Hahanga kang talaga kay Trining. Sa mga panahong iyon, pinangunahan din niya ang invasion. Nakuha namin ang isang malaking bahagi sa Dagat-dagatan. Sinisita pa ng NHA. Naging usapan, ililista na lang sila at babayaran muna. People Power. Nagtayaran. Nagtirikan gabi pa lang, buong magdamag. Nakita ng mga Asistio, sabi 'illegal entry kayo.' Sagot ni Trining, 'hindi kami illegal entry. Kami ay legitimate beneficiary. Mga anak ito ng mga beneficiary. Mga extended family. Kineclaim lang namin yung dapat sa amin dahil itong Dagat-Dagatan, created ito sa ngalan ng ZOTO.' Ang husay ni Trining magsalita. Malumanay pero madiin. Sa kanya nag-umpisa ang galunggong. Sabi niya, iyang galunggong dati ganito lang yan. Ngayon wala ka ng mabili, kung meron man, may sore eyes pa." Ginaya yon ni Cory nung naging pangulo siya. Super tapang si Trining nung panahon niya. Papasok sa Kongreso yan, nakabakya lang, kupas na maong at puting t-shirt. Dadaan sa registration, bago kami papasukin, ililista muna ang pangalan. Sasabihin niya, 'Trining, walang apelyido. Wag mo ng pakialaman ang apelyido ko. Basta ilagay mo Trining!' Kaya ayun, nakilala siyang Trining ng ZOTO.<sup>37</sup>*

*Hindi totoong nagcooperate si Trining pagkatapos noon tulad ng sinasabi ng iba.<sup>38</sup> Kasi ganito: dumating si Imelda sa Slip 0. Ang laki ng crowd. Almost 7,000. Sabi ni Imelda, 'mahal ko ang mga taga-Tundo kasi*

<sup>36</sup> Honculada, "ZOTO," 18.

<sup>37</sup> Corazon, panayam. Subalit ayon kay Trining, mga taga-NHA ang pumipigil sa kanila hindi ang mga Asistio.

<sup>38</sup> Tingnan halimbawa ang saad ni Mendoza, "In its 25<sup>th</sup>," 19.

*nanggaling din ako sa hirap. Si Trining kababayan ko yan. Waray-waray din yan.' Nang pumanik si Trining sa stage, nagyakapan, naghalikan, kinunan ng midya. Lumabas sa midya, nagpapagamit siya kay Imelda, 1979 yon. Mahahabol pa ba yon? Hindi totoo. Midya lang ang may haka-haka non. Pero nanatiling matatag si Trining sa interes ng maralita.<sup>39</sup>*

Ayon kay Ka Trining, kailangan niyang pumanhik sa entablado dahil kapalit iyon ng negosasyon kay Marcos na ipagkakaloob ang TFL sa mahihirap. Hindi pipirmahan ni Marcos ang dokumento at hindi sila makakakuha ng lupa kung hindi siya papanhik sa entablado. Naunang pinirmahan ni Marcos ang dokumento. At kung bumaligtad si Ka Trining sa usapan, tinuran niya kay Marcos na siya ay hulihin at ipakulong. Sa isip ni Ka Trining, hindi pwedeng mawalan ng saysay ang malaon nang pakikipaglaban ng mga maralita para sa lupa at tirahan.<sup>40</sup> Ang Dagat-dagatan project ang pinakakongkretong tagumpay nila ng mga panahong iyon.

Samantala sa Smokey Mountain noong 1983, binuwag ang mga kubo ng mga residente dito at inilipat sila sa Bulihan, Silang, Cavite. Dahil walang hanapbuhay, pasilidad, ospital at eskwela. Nagsibalikan ang mga nirelokeyt at muling ipinagpatuloy ang pamamasura. Ang Smokey Mountain ay 34 ektaryang lupaing tinambakan ng basura, 140 ft ang taas ng bundok at pinagtatapunang halos kalahating siglo na. Mga Waray ang 65% na nakatira dito.<sup>41</sup>

Sa lugar naman ng napagwagiang TFL, marami ang hindi nakabayad at sadya ring itinigil ang koleksyon sa bandang Pebrero 1984 dahil ayon sa NHA, nagkaroon ng “anomalya sa koleksyon kung kaya kinakailangang itigil.” Pagkatapos noong Mayo 6, 1984, anim na araw bago ang eleksyon, inisyu ng pamahalaan ang PD 1923 na nagpapaubaya ng amnestiya para sa lahat ng di-nakakabayad ng lupa. Binigyan din sila ng 90 araw bago magkabisa ang pagsasagawa ng parusa.<sup>42</sup>

Ikinatwiran ng mamamayan na kapos sila talaga sa kabuhatan kung kaya't hindi nakakabayad. Anila, ang kita ay unang inilalaan sa pagkain. Subalit may isang usapin pa dito. Ikinakatwiran din nilang bakit sila magbabayad kung wala namang “development” na nangyayari sa lugar? Ito ang argumentong isinulong ni Atty. Heidi Yorac na nag-abogado para sa mga residente ng Tundo.<sup>43</sup> Halimbawa, inireklamo ng mga residente ng Block 1, Magsaysay Village, lalo pang tumaas ang

<sup>39</sup> Corazon, panayam.

<sup>40</sup> Herrera, panayam 2.

<sup>41</sup> Constantino Tejero, “Caretakers of Those That God Forgot,” *Sunday Inquirer Magazine*, March 19, 1989, 8-11.

<sup>42</sup> Coronel, “What price,” 33.

<sup>43</sup> *Ibid.*, 34.

baha sa kanilang lugar nang maglagay ng bagong *drainage pipe* ang mga taga-NHA. Ganoon din ang sinabi ng mga taga Bo. Fugozo. Ayon sa mga tao, ang tunay lang na ginawa ay ang pagsesemento ng mga kalsada. Ang mga kubeta ay inilagay nang hindi iniisip ang lalabasang sistema ng kanal. Kaya kapag bumabaha, makikita ring lumulutang ang mga dumi ng tao sa tubig. Sinabi rin ni Yorac na hindi dapat ipasa sa mamamayan ang pagpapabayad sa sinementong kalsada sapagkat dapat kinukuha ito sa buwis ng mamamayan.<sup>44</sup>

Noong Abril 1984, muli na namang nagmartsa ang mga maralitang taga-Tundo para iprotesta ang “mataas na presyo ng kaunlaran” na inilaan sa kanila ng pamahalaan. Hanggang Oktubre ng taong iyon, hindi mapakali ang mga residente ng Tondo Foreshore at Dagat-dagatan dahil magtatapos ang amnestiyang ipinagkaloob ng National Housing Authority para mabayaran nila ang mga utang nila sa sinasabing “cost of development” para sa lugar. Kung hindi nila mababayaran, paaalisin sila ng NHA sa kanilang mga tirahan. Sinisi ng mga tao ang PD 1314 at PD 1923 bilang salarin sa kanilang kalagayan, mga batas ito na sa kabalintunaan ay dapat tumitiyak sa “dignidad at kagalingan ng mamamayan.”<sup>45</sup>

### Paglala ng krisis

Hindi nasustini ng Bagong Lipunan ang natamong kaunlaran sa unang hati ng dekada 70. Habang lumalaon, lalong lumubha ang kahirapan sa kanayunan. Pito sa bawat 10 pamilyang magsasaka ang walang sariling lupa. Ayon kay Ofreneo, 82% ng 5.3 milyong pamilya sa kanayunan ay nasa pinakamababang 30% ng *income bracket*; 3.67 milyon o 37% ng lakas-paggawa sa agrikultura ang iniulat na walang kinita sa huling kwarto ng 1982 at pababa nang pababa ang *real wage* ng mga magsasaka mula 1977 hanggang 1984. Ang bilang ng mga walang lupa ay umaabot ng 4.4. milyon o halos kalahati ng lakas-paggawa.<sup>46</sup> Sa huling kwarto ng 1983, pinahihirapan din sila ng kawalan ng sapat na irigasyon, atrasadong kagamitan sa produksyon, mataas na upa sa lupa, usura, kalamidad at kawalan ng ibang mapagkakakitaan. Isa pang malaking dahilan sa paglikas ng mga tao mula sa kanayunan ang pag-igting ng militarisasyon sa mga probinsya. Kaya sa Tundo, lumalaki din ang mga dumadayo at lalong lumobo ang bilang ng mga vendor, kargador sa piyer at Divisoria, mga mekaniko, drayber,

<sup>44</sup> Coronel, “What Price,” 32-33.

<sup>45</sup> Ibid., 32.

<sup>46</sup> Ofreneo, *Capitalism in Philippine Agriculture*, 157-158.



klerk, at mga katulong sa bahay, mga trabahong nasa sektor pangserbisyo. Sa loob lamang ng limang taon, 1975-1980, 400,000 ang dumayo sa Maynila, karamihan, may edad 15-24. Karamihan din ay walang asawa at babae. Malaking bahagi nito ay nanggaling sa 13 probinsya: Bulacan, Pampanga, Batangas, Laguna, Quezon, Albay, Camarines Sur, Iloilo, Negros Occidental, Leyte at Samar. Sa parehong panahon, 260,000 lamang ang mga taong lumabas ng Maynila kaya't lumalabas na sa bawat isang lumisan ng Maynila, dalawa ang pumapasok.<sup>47</sup>

Ayon kay Ambrosio, "Mula 1978 hanggang sa unang hati ng dekada 80, lumubha ang krisis pangkabuhayan sa bansa. Lumiit ang taunang GNP hanggang maging negatibo ito noong simula dekada 80. Isang dahilan ang pagbagsak ng presyo ng mga pangunahing eksport sa Pilipinas. Umunlad man ang ekonomiya noong gitnang bahagi ng dekada 70, hindi ito naramdaman ng mga karaniwang tao."<sup>48</sup> Hudyat sa kawalan ng di-mapakaling kalooban ng mga taga-Tundo ang pagputok ng welga sa La Tondeña noong 1975. Ang kauna-unahang welgang inilunsad sa panahon ng Batas militar.

### Ang Welga ng La Tondeña

Isa pang malaking pangyayari sa Tundo ang gagambala sa katahimikan ng Batas Militar: nagwelga ang mga manggagawa ng La Tondeña noong 1975, patunay na hindi maramdaman ng mamamayan ang sinasabing kaunlaran ng Bagong Lipunan. Ito ang kauna-unahang welga sa ilalim ng batas militar na lalahukan ng lalake't babae para ipaglaban ang regularisasyon sa trabaho, mataas na sahod, *maternity pay*, hospitalisasyon, *sick leave*, *vacation leave* at *SSS remittance* ng mga kinakaltas sa kanila ng employer. Pati ang pagbubuntis noon ay itinatago ng kababaihan dahil tinatangal kaagad ng manedsment ang mga babaeng natuklasang nagdadalantao. Kaya kahit ang mga buntis ay buong tapang na sumama sa agos ng welga, hindi alintana ang hirap at tagal ng lakarin sa mga opisina ng guberno. Ang mga inang nagpapasuso ay sumama din sa sit-down strike, ipinapakuha ang mga nagugutom nilang sanggol para pasusuhin sa tarangkahan ng pagawaan at saka sila babalik sa loob ng piketlayn pagkatapos. Tinulungan sila ng mga progresibong pari at madre, ng mga kamag-anak at kapitbahay, mula sa pagkain, suportang moral, iba't ibang anyo ng pagpapaluwag hanggang sa pagharang sa mga sasakyang magdadala sana sa kanila

<sup>47</sup> "Maralitang Kababaihan sa Lunsod," *Piglas-Diwa: Isyu't Tunguhin sa Pakikibaka ng Kababaihan*, (Lungsod-Quezon: Center for Women Resources, Hulyo-Setyembre 1988), Tomo 2, Blg.3, 9.

<sup>48</sup> Ambrosio 1:3. <http://philippinehistory.ph/batas-militar-1972-1986-3-2.Oktubre 2, 2011>.

sa kulungan at paghiga sa daan para hadlangan ang pagpasok ang militar sa loob ng pagawaan. Isang malaking tagumpay ang welga ng La Tondeña na lalong ikinagalit ng rehimeng Marcos at ipagbawal ang lahat ng welga sa lahat ng industriya gayundin ang pagtulong ng iba't ibang sektor sa mga welgista nang walang pahintulot ng pamahalaan.

Ayon kay Nanay Nora, “binasag ng La Tondeña ang ‘katahimikan’ ng Batas Militar.”<sup>49</sup> Sa kabila ng amba ng pamahalaan na aarestuhin ang lahat ng gagambala ng katahimikan ng Bagong Lipunan, buong tapang na ipinutok ng mga manggagawa ng La Tondeña ang welga nila noong Oktubre 24, 1975. Matagal nang nakikipaglaban ang mga manggagawa rito para gawin silang regular at matagal na rin silang nabibigo. Nagsimula pang dinggin ng DOLE ang kanilang kaso noong Oktubre 1971 subalit umabot na ng 1975 at ang pinapanigan pa rin ng DOLE ay ang manedsment ng La Tondeña. Hindi na nakatiis ang mga manggagawa pagdating ng 1975 na nagdeklara nang “Ayaw na naming maging regular ang aming kahirapan. Nais na naming maging regular ang aming trabaho!”<sup>50</sup>

Hiniling ng mga manggagawa na gawing regular ang may 600 kaswal/kontraktwal at ang 500 manggagawang nasa kategoryang ekstra. Hiniling din nilang ibalik ang lahat ng mga kaswal na tinanggal nang walang sapat na dahilan at kagyat din silang gawing regular. “Sa La Tondeña, halos lahat kami ay kaswal o kaya ekstra, gayong ang serbisyo sa kumpanya ay umaabot na sa kung ilang taon. May kasamahan kami na sa kabila ng 13 taong paglilingkod sa kumpanya ay kaswal pa rin hanggang ngayon.”<sup>51</sup>

Dahil kaswal, hindi nila natatamasa ang mga biyaya gaya ng makatarungang dagdag na sahod, *maternity pay*, *sick leave* at *vacation leave*. Ang iginagamot anila sa lahat ng karamdaman ay aspirin. “May 30 beses na kaming nagpunta-punta sa NLRC at daan-daan sa amin, kahit buntis, ay naglalakad buhat sa Velasquez hanggang Intramuros, dahil sa kawalan ng pera. Subalit ang tanging nakukuha namin sa mga lakad na ito ay namimitig na binti at mahapding sikmura.”<sup>52</sup> Ayon kay Nanay Nora,

*Nagwelga kami ilang buwan pa lang ang panganay kong anak.  
Nakakulong kami sa loob. Ang anak ko dinadala sa gate kapag oras*

<sup>49</sup> Nora Villanueva, panayam.

<sup>50</sup> “Pahayag ng mga Manggagawa ng La Tondeña Incorporada: Sobra Na! Magwewelga na Kami!” Oktubre 24, 1975, 2, manuskrito.

<sup>51</sup> “Pahayag,” Ibid., 1.

<sup>52</sup> “Pahayag,” Ibid., 2.

*na'ng pasususuhin ko. Pag busog na, ipapasa ulit palabas. Panahon yan ng Martial Law. Pinasok kami, hinatak kami. Hindi naman kami mahatak ng mga lalakeng sundalo, kumuha ng mga babae. Ang lamesa kasi namin bakal. Andon kami sa taas, nakaganyan talaga kami, iyakan kami, pati mga madre pumasok, tinulungan kami. Bawal daw ang welga noon, e nagwelga kami. Ang dami kasi naming kailangan na hindi maibigay. Nagkaton pa nun na merong isang myembro na gustong umutang sa SSS, isipin mo, inaawasan kami ng SSS tuwing sasahod tapos natuklasan namin iyong aming hinuhulog hindi ipinapasok. Tapos umuunlad yung kumpanya pero yung sahod namin ganito lang. Tapos pag nalaman nilang buntis ang babae, tanggal ka. Yung iba tuloy, tinatago nila. Mas maraming babae ang nagtatrabaho doon kaysa lalake. Halos alam ng babae ang lahat ng trabaho. Ang hindi lang alam yong pagbuhat, paglalagay sa paleta. Siguro mga 60-40 ang babae sa lalake noon.*

*Kaya nga hinihiling namin yong maternity leave, saka hospitalization, maliban pa sa sahod at pagiging kaswal ng mga tao sa matagal na panahon. La Tondeña ang bumasag ng Martial Law. Ito ang kauna-unahang naidaos na welga sa panahon ng Martial Law. Hindi talaga kami umuwi. Huminto kami sa trabaho, ang tawag doon sit-in strike. Nandoon kami lahat sa loob. Mag-isang linggo ata kami sa loob, talagang hindi kami sumuko. May mga tumulong sa amin, pari, madre, community, simbahan. May mga nag-aabot ng pagkain sa gate. Pero nung dumating na yung mga trak-trak ng sundalo, pati mga madre hindi iginalang. May mga nagsipaghiga sa amin, marami, para hindi makapasok sa gate. Yung president namin si Kuya Elsi Estares, matapang yun, pinagsuot namin ng pambabae para hindi siya makilala. Ang main issue namin yung pagiging kaswal, matanda na sa La Tondeña, kaswal pa rin. Noong nakausap namin yung may-ari, yung matandang Palanca, natapos ang lahat ng kahilingan. Binigay na.<sup>53</sup>*

Tumanyag ang welgang ito dahil bumuhos ang malakas na suporta ng komunidad ng Tundo, mga pari at madre sa pagkilos ng mga manggagawa ng La Tondeña para mapabuti ang kanilang kalagayan. Ang welgang ito ang sumira sa pagba-ban sa mga welga sa ilalim ng Batas Militar sa pamamagitan ng PD 863.<sup>54</sup> Nagtagumpay ang welga, naparalisa nila hanggang sa 80% ang operasyon sa loob ng pagawaan. Tumulong ang mga regular na empleyado sa pamamagitan ng pagpupuslit ng pagkain sa loob, damit, pera at suportang moral. Ang mga pamilya at kamag-anak ng mga welgista ay buong-loob ding sumuporta pati mga manggagawa sa kalapit na pabrika. Ayon sa mga welgista, hindi rin sila magwawagi kung

<sup>53</sup> Villanueva, panayam.

<sup>54</sup> De Dios, "Participation," 159-150.

walang magigiting na daan-daang mamamayang taga-Tundo, pari't madre ang taos-pusong sumuporta sa kanilang welga. "Matapos kaming hakutin sa mga PC-Metrocom Bus at paibis na ang mga ito sa Velasquez St., nagsilabasan ang mga pari, madre at mga mamamayan buhat sa kanilang bahay, kahit curfew na. Hinarang nila ang mga bus at lumambitin dito, upang pigilan ang pag-aresto sa amin. Ang sinuman ay hahanga sa kanilang hindi matinag na diwa ng paglaban."<sup>55</sup>

Ang dalawang-araw at dalawang-gabing *sit-down strike* ay nagkamit ng tagumpay. Sa kauna-unahang pagkakataon, hinarap sila ng may-ari, Antonio Palanca, upang makinig at makipag-usap sa kanilang kahilingan. Napagtagumpayan ng mga manggagawang gawing regular ang may 300 kaswal batay sa *seniority*. Pinagkasunduan din nilang iiiskedyul ang regularisasyon ng nalalabing kaswal, aalisin ang mga di-makatwirang pamantayan sa regularisasyon ng manggagawa. Iginiit din ng mga manggagawa na magiging bahagi ng pormal na negosasyon ang pagbabalik sa mga tinanggal na kaswal nang walang sapat na dahilan at ang regularisasyon ng lahat ng kaswal, ekstra at mga tinanggal.<sup>56</sup>

Ayon kay Ambrosio, "bunga ng mapangahas na welga ng La Tondeña ng Oktubre 1975, ipinagbawal ng diktadura ang lahat ng welga sa lahat ng uri ng industriya. Bunga ito ng katwiran ng mga manggagawang hindi naman *vital industry* ang La Tondeña kung saan ipinagbawal ng batas militar ang welga. Higit pa rito, ipinagbawal ng PD 823 ang pagtulong iba't ibang sektor sa mga welgista nang walang pahintulot sa pamahalaan. Bunga naman ito ng pag-ayuda ng mga maralita, at laluna, ng mga taong simbahan sa welga ng La Tondeña."<sup>57</sup>

Pagdating ng 1976, tumindi anila ang represyon: napaguhuli ang mga lider. Pinarami rin ang mga espilyang militar sa lugar na nakalimita sa pagkilos ng iba. Ayon kay Honculada, nagdalawang-isip na rin ang iba dahil sa tumataas na nilalamang pampulitika ng mga pagkilos ng ZOTO na "hindi lubos na naiintindihan o tinatanggap ng iba" dahil nasasakripisyo ang mga lokal na isyu at naipapanguna ang mga pambansang usapin.<sup>58</sup> Marahil, isang halimbawa ng kamalayan na tinutukoy ng lahad ni Honculada ang tulad ng sinabi sa panayam ni Nanay Leleng na,

<sup>55</sup> "Nagwelga Kami at Kami ay Nagtagumpay!" Pahayag ng mga Manggagawa ng La Tondeña Incorporada, Oktubre 28, 1975, 2. manuskrito.

<sup>56</sup> Ibid, 1.

<sup>57</sup> Ambrosio, "Militanteng Kilusang," 146-190.

<sup>58</sup> Honculada, "ZOTO," 17.

<sup>59</sup> Leona Berbijo-Zarzuola o Nanay Leleng, panayam, Moriones, Tundo, 19 Agosto, 2011.

*Sabi ko hindi ako interesado kung ano man yon, nais ko lang makipaglaban hinggil sa tirahan na magiging amin yun. Yun lang naman lupa, lupa lang na matitirikan ng aming tahanan. Yun lang ang ilalaban namin. Yun lang ang alam kong ilaban.<sup>59</sup>*

Pero noon ito, ayon kay Nanay Leleng, sa maagang yugto ng kanyang pagkakamulat at pakikisangkot, sa yugtong inilalarawan niya na panahong “hatak-dala” lang sila sa mga mobilisasyong masa. Pero ipinaliwanag din niya na “*hindi naman palaging ganito lang ang level ng pang-unawa mo. Darating talaga ang oras na maintindihan mo nang buo.*”

Ayon kay Honculada, labis na nakasindak ang militarisasyon ng rehimen sa mga lider na nakaparalisa sa mga pagkilos at kahit papaano, umasa din ang ibang lider at kasapi sa ipinapangakong relokasyon ng PD 814 at hindi nila maintindihan o matanggap ang tahasang pagtangga ng liderato ng ZOTO dito. Lahat ng ito ay aambag sa paghina ng ZOTO mula 1976.<sup>60</sup> Subalit iba naman ang pagsusuri ni Corazon. Aniya,

*Ang ginintuang panahon ng ZOTO ay ang buong dekada 70, at least hanggang 1979. Lumahok pa nga si Trining sa IBP elections noong 1978 di ba? Nang tumakbo si Trining, halos 20,000 ang kasapian ng ZOTO. Maraming mamamayan sa Tundo, pati kabataan-estudyante ang nahagip, ang lumahok sa kampanyang iyon, namulat at napukaw, at tumugon sa noise barrage noong Abril 6, 1978, ang gabi bago mag-eleksyon, bilang tugon ng malawak na oposisyon sa dayaang mangyayari sa eleksyon. Napaka-inspiring ng ZOTO sa panahong iyon, tumatagos ang pangalan, ang impluwensya sa ibang sektor pati sa akademiko at simbahan.<sup>61</sup>*

## **Kampanyang LABAN ng Eleksyong 1978**

Para ipakita kunwang papunta na ng normalisasyon ang bansa, magdaraos si Marcos ng halalan sa 1978 para sa Interim Batasang Pambansa. Sinamantala naman ng oposisyon ang pagkakataong ito bilang paraan para muling makipag-usap sa taumbayan sapagkat noong mga panahong iyan, patay nga ang demokrasya – bawal ang magtipon-tipon, binusalan ang press at balewala ang mga kalayaang sibil ng mamamayan. Si Trining Herrera ang tumakbo bilang kinatawan

<sup>60</sup> Honculada, “ZOTO,” 17.

<sup>61</sup> Corazon, panayam.

<sup>62</sup> Fortich, “Escape!,” 76.

ng maralitang tagalunsod kasama si Alex Boncayao mula sa sektor ng manggagawa at Jerry Barican ng kabataan-estudyante.<sup>62</sup> Sabi ni Trining,

*Nagsasalita ako nun, 'yung sa Philippine Heart Center, may inoperahan yung doktor, walang puso! Yan si Marcos. Si Marcos walang puso.' Nung una takot pa ang mga tao, dun sa Parañaque kami pero dun sa mga bintana nakikinig. Hanggang sa lumakas. Nung pumunta kami sa Concepcion, Malabon, ang daming tao! Sa Marikina, daming tao! Sa University Belt! Sa UP, binigyan ako ng standing ovation ng mga propesor sa UP.*

*Pagkatapos ng botohan, umiskyerda na ako kasi nasa Order of Battle na ako. Pag nakita nila ako babarilin na lang nila ako. Hindi naman ako nagtago. Hindi naman ako pwedeng lumantad. Pero hindi naman pwedeng wala akong gagawin.<sup>63</sup>*

Samantala para sa mga tradisyunal na pulitiko, labis nilang pinahalagahan ang papel ni Charito Planas, na umaatake sa sobrang luho ng Unang Ginang Imelda Marcos. Isa sa pinakapaborito ni Charito ang pagbanat niya kay Imelda, sa tulong ng malaking poster pangkalendaryo nito kung saan nakalarawan si Imelda na napapalamutian ng diamenteng tiara, emerald na kwintas at hikaw, bracelet at singsing na may diamanteng batong kasinglaki ng itlog. Lalong nagalit si Marcos na nagsabing “*tuwing nakikita kong umiiyak ang asawa ko, makakapatay ako!*”<sup>64</sup> Subalit higit pa roon, nagpakita si Charito ng kakaibang tapang na ang estilo ng paggawa’y tinawag ng mga kapwa pulitikong kasama nitong estilong “*kamikaze*”—walang takot, handang mamatay. Isa sa paboritong sinasabi ni Charito sa mga rali noon ay, “*Ang natatakot daw ay busabos habang panahon. Panahon na upang magpakatayang. Sapagkat ang magpakatayang ay pagkalas at pagpatid sa tanikala!*”<sup>65</sup>

Isa ang Tundo sa pinakamaingay noong Abril 6, 1978, bisperas ng eleksyon, nang ilunsad ang *noise barrage* ng LABAN (Lakas ng Bayan), para iparamdam sa pamahalaan na nagmamatyag ang taumbayan sa anumang dayaan at katiwalian na binabalak ng rehimeng Marcos sa eleksyon. Tugon din ito ng bayan sa panawagan ni Ninoy Aquino sa isang tanging paglabas niya sa telebisyon at ipakita na siya ay naririnig ng mamamayan.<sup>66</sup> At nagkatotoo nga ang kanilang hinala. Dinaya ang eleksyon, inilampaso ng Kilusang

<sup>63</sup> Herrera, panayam 1.

<sup>64</sup> Fortich, “*Escape!*,” 80.

<sup>65</sup> *Ibid.*, 79.

<sup>66</sup> De Dios, *Women’s Role*, 151.

Bagong Lipunan (KBL) ang Lakas ng Bayan (LABAN) kahit sa mga lugar na balwarte ng mga kandidato ng LABAN. Ayon kay Nanay Leleng, miyembro ng ZOTO noon at Tagapangulo ngayon ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap (KADAMAY):

*Nakilahok din kami sa 1978 election. Siempre dala-dala namin si Trining saka si Alex Boncayao. Sinuportahan din namin ang LABAN, di ba kandidato din si Ninoy? Niloko lang ni Marcos ang tao. Biruin mo ang dami kong hatak dito, siguro may 200 katao tapos ang boto sa amin lilimang piraso??? Kulang pa para sa aking kamag-anakan! Grabeng-grabe ang dayaan noon! Dun ako nagsimulang magalit nang husto. Galit na galit ako, inisip ko lumaban na. Tinanggap ko lahat kung saan ang aking alam. Kaya nung nagsimula yung galit na yun, hanggang ngayon nagagalit pa.*<sup>67</sup>

Si Lydia Alejandro-Ela o Ka Ela, ang awtomatikong pumalit sa pagkapangulo ng ZOTO pagkatapos ng IBP Eleksyon noong 1978 samantalang nagtago na si Ka Trining. Ipinanganak siya noong Mayo 16, 1940, sa Kalibo, Aklan at dumating sa Tundo noong 15 taong gulang pa lamang. Ani Ka Lydia,

*Kapitan del Barrio ang tatay ko sa amin. Napakahigpit! Ayaw niya akong pag-aralin dahil babae lang naman daw ako, kaya hanggang Gr. 6 lang ang natapos ko sa amin. Pang-anim ako sa siyam na magkakapatid. Ayaw ng tatay ko ang anak na sumasagot. Hindi ka pwedeng magsabi sa kanya na ayaw ko ng ganito o ganyan. Ginugulpe nya ang mga kapatid ko. At walang boses ang nanay ko sa pagdedesisyon. Di ka pwedeng umatend sa mga kasiyahan. Alas-5 ng hapon dapat nasa bahay ka na. Kapag magsimba ka ng Linggo, alas-9 ng umaga dapat nasa bahay ka na rin. Siya rin ang may hawak ng pera. Kaya umalis ako sa amin at pumunta sa kapatid ng nanay ko sa Kagitingan, Tundo. Dekada 50 yon.*<sup>68</sup>

Habang nasa Maynila, ipinagpatuloy ni Ka Lydia ang pag-aaral hanggang matapos niya ang 2<sup>nd</sup> year College sa Jose Abad Santos. Subalit sa edad 19, nag-asawa si Ka Ela dahil “ang babae noong araw ipinapakasal kapag nahalihan na.” Ni hindi ko nga nobyo ang napangasawa ko. Kapitbahay namin pero ipinagkasundo lang kami. Ni hindi kami nagligawan.” Dalawa ang naging anak nila.

Naging kahista si Ka Lydia sa US Fortune Tobacco sa Pier South ng anim na buwan at sa Slyvanna Tobacco Corporation noong 1971 sa Marikina na Fortune Tobacco na ngayon. Naranasan niya ang

<sup>67</sup> Zarzuela, panayam.

<sup>68</sup> Lydia Alejandro-Ela, panayam, Navotas, 30 May 2012.

sumama sa welga sa parehong kumpanyang pinasukan dahil sa mga isyu ng benepisyo, at di pagreremit ng kinakaltas sa kanilang SSS. Una siyang napasangkot sa gawaing komunidad noong 1968 nang itayo nila ang, at maging kalihim ng Kilusang Kaunlaran ng Kagitingan, isang samahang kapitbahayan na umanib sa ZOTO.

*Noong 1974, kasama na ako dyan sa Alay-Lakad ng Zoto kasi nga idedemolis ang mga kabahayan in favor ng International Port. Bandang 1976-77 nagsasalita na ako ng kaunti sa stage. At nahuli din ako noong 1977 kasama sila Trining, Tatay Eddie, David Balondo, Tambolero... pero nakalabas din ako matapos ang 24 oras. Kasi daw ang criteria pag 40 pataas maiiwan. Pag 15 pababa palalabasin. E wala ako dun sa pareho. Kung anu-anong hinabi kong kwento at pakiusap. Sinabi ko, lima ang anak ko sunud-sunod. Ayun, naiwan yung anim, pinalabas ako.<sup>69</sup>*

Bukod sa ZOTO, siya rin ang naging Tagapangulo ng SAMAKANA sa Navotas Chapter noong 1983. Ito ay dahil sa Dagat-Dagatan na rin nakatira sina Ka Lydia. Namuno si Ka Lydia ng tatlong dekada sa ZOTO (maliban sa mga taong 1995-2000) hanggang ma-stroke siya at magretiro sa pagkapangulo noong Nobyembre 2011. Tumatayo siyang Tagapayo ng organisasyon hanggang ngayon.

Hindi natinag ang ZOTO sa ilalim ng liderato ni Ka Lydia. Lumaki at lumawak ito sa kabila ng samutsaring suliraning pinagdaanan ng organisasyon: pagtatakbo ng pera ng ilang lider, pagkakaroon ng relasyon ng ibang mga lider, panlalamig ng iba, mga idyolohikal na tunggalian, paglabag sa disiplina ng organisasyon bilang ilang halimbawa. Pero dahil matatag din ang mga natirang namumuno, napanghawakan nila ang sitwasyon at naiwasan ang pagkahati o pagsabog nito. Dahil sa kakapatapon sa mga maralita sa iba't ibang relokasyon, parang kangkong na tumubo ang ZOTO sa iba't ibang lugar dahil nag-oorganisa sila at nagtatayo ng tsapter sa mga relokasyon. Ang Towerville sa San Jose, Del Monte, Bulacan ang pinakamalakas nilang tsapter sa kasalukuyan na binubuo ng mga babaeng lider. Mahina naman ang tsapter nila sa Tundo ngayon dahil sa problemang pandisiplina ng ilang lider at pagkawala ng tinatantiyang 20% kasapian nito. Ayon kay Ka Ela,

*Napakahalaga ng mga babae sa urban poor movement. Sila kasi ang naiwan at nakakausap namin dahil ang mga lalaki wala, nasa trabaho. Sila ang pinakahirap! Kaydami nilang inaatupag.*

<sup>69</sup> Ibid.



*Maaawa ka, sa Cavite, may karanasan pa kaming dahil sa matinding kahirapan, may mga babaeng nabibili ng isang piling na saging. Para lamang may maipakain sa mga anak. Talagang madudurog ang puso mo.” Karamihan din sa mga myembro nila ay kababaihan. “Kaya malakas ang Towerville, dahil mga babae ang mga lider dyan.*

Pangunahing ipinaglalaman ng ZOTO ang desentralisasyon na may hanapbuhay.

*Kung hindi, magbabalikan lang talaga ang mga tao. Hindi pwede ang reloksiyon lang. Kailangan ang paglalagyan sa mga tao may kabuhayan din. Kailangan ang mga proyekto may tunay na partisipasyon ng tao. Kaya tinututulan namin ang mga batas na kontra-maralita. Failure ang relocation ng gubyerno kasi walang tunay na partisipasyon ang mga tao dyan.<sup>70</sup>*

## **Ang simula ng pagbubuo ng mga organisasyong pangkababaihan**

Sa simula, ang pakikisangkot ng mga kababaihan ay sa pamamagitan ng mga samahang pangmagkakapitbahay at mga pambansang samahan ng mga maralitang tagalunsod para ipaglaban ang karapatan sa lupa, paninirahan at kabuhayan. 1984 na nang itinatang ang unang tunay na samahang pangkababaihan sa Tundo.

Noong dekada 60 at 70, binuo nina Lorena Barros, isang lider-estudyante ng UP ang Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA) na humalaw ng inisyal na kasapian mula sa Women’s Desk ng KM (Kabataang Makabayan) at SDK (Samahang Demokratiko ng Kabataan) upang isulong ang kilusang mapagpalaya sa hanay ng mga kababaihan kasabay ng pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Layunin ng MAKIBAKA na labanan ang pyudal na pagpapailalim ng kababaihan sa mga kalalakihan at pagtrato sa kanila bilang mga gamit na maaring ibenta o gamitin.<sup>71</sup> Ito ang kauna-unahang pagsambulat ng mga pahayag na ang babae ay hindi pangkama o pangkusina lamang. Sa kauna-unahang pagkakataon, tinuligsa ng mga babae ang mga beauty contest bilang paraan ng pangangalakal sa kababaihan, ng pagpapanatli ng mga mentalidad na pang-aliw at pag-aari ng kalalakihan ang kanilang

<sup>70</sup> Ibid.

<sup>71</sup> *Makibaka First Year Report*, MLB April 19, 1971, 35. Tingnan din ang De Dios, *Women’s Role*, 144-146 at Sylvia Madiaga: “Q & A With a Woman Guerilla,” *Laya Feminist Quarterly* 1 no. 4 (1992): 4-14.

mga katawan. Nagpiket sila sa Binibining Pilipinas Beauty Pageant noong Abril 18, 1970 sa harap ng Araneta Coliseum na sinalihan din ng dating Beauty Queen Gemma Cruz. Sumama ang MAKIBAKA sa mga pagkilos kontra pagtatatas ng presyo ng langis at mga biling hanggang sa mga piketlayn ng mga nagwewelgang manggagawa. Nagbuo rin sila ng iba't ibang balangay sa mga paaralan at komunidad. Binuo nito ang MAKIBAKA Mother's Corps, na binubuo ng mga ina, kamag-anak at mga kaibigan ng myembro. Nagtayo sila ng mga narseri upang maorganisa at matulungan ang mga ina sa komunidad.<sup>72</sup> Dalawang daycare center ang itinayo ng MAKIBAKA sa komunidad ng mga maralita, ang una ay sa Leveriza, at ang ikalawa ay sa Tundo. "Sa Tundo, ang mga magulang ay tumulong sa konstruksyon ng mga silid-aralan at sa pananatili at operasyon ng mga tanggapan." Kasabay ng pagpapatakbo ng mga *daycare center* ang pagbibigay ng edukasyon sa mga magulang ukol sa moderno at siyentipikong pag-aaruga ng anak, pagpapalaganap ng pagpapasuso ng ina at ang paggamit ng *acupuncture* at halamang gamot.<sup>73</sup>

Subalit hindi nagtagal ang MAKIBAKA. Ayon kay Corpuz, "ang pagkakadeklara ng Batas militar noong 1972 ay nagpadali sa pagkamatay ng organisasyon."<sup>74</sup> Ayon naman kay De Dios, nawala man ang MAKIBAKA, hindi mapapasubalian na ito ang nag-umpisa ng pakikibakang pangkababaihan sa Pilipinas. Ang kabiguan nitong magpatuloy aniya ay maiuugat sa malamig na pagtanggap ng pambansang demokratikong kilusan noon na ang pamunuan ay dominado ng mga kalalakihan at sa limitadong kamalayan ng mga kababaihan sa isyu at halaga ng organisasyong pangkababaihan sa panahong iyon. Hindi rin aniya matatawaran na sinimulan ng MAKIBAKA ang isang anyo ng pangkulturang rebolusyon na lubusan lang mapagtatanto ang resulta isang dekada pagkatapos ng pag-

<sup>72</sup> Tingnan din ang paglalahad sa buhay ni Lorena Barros ni Maita Gomez sa Asuncion David-Maramba, ed. "Maria Lorena Barros, *Gentle Warrior*," *Six Young Filipino Martyrs* (Pasig City: Asuncion David-Maramba and Anvil Publications, 1997), 42-87. Tingnan din ang Arriola, Fe Capellan at Ida I. Bugayong, *Si Maria, Nena, Gabriela at Iba Pa, Kwentong Kasaysayan ng Kababaihan*, (Philippines: GABRIELA at St. Scholastica's Institute of Women's Studies, 1989), 83-84.

<sup>73</sup> Carmelita C. Corpuz, *Mula Noon Hanggang Gabriela: Ang Kababaihan sa Kasaysayan ng Pilipinas Mula Noon Hanggang mga 1980* (Manila: DLSU Press, 2003), 83-84.

<sup>74</sup> *Ibid.*, 90. Para sa iba pang peministang organisasyong nabuo sa maagang bahagi ng dekada 80 hanggang 1986, basahin sa De Dios, *Women's Role*, 160-163. Tingnan din ang Adonis Ramy L. Elumbre, "Kilusang Kababaihan sa mga Demokratikong Tunggalian: Pakikibakang Feminista mula Batas Militar hanggang Kapangyarihang Bayan" (217-242), nasa Dorothy dl. Jose at Atoy Navarro, mga pat., *Kababaihan sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino*. Partikular sa panahong ito, binabanggit ng may-akda ang mga organisasyong PILIPINA, 1981 (Kilusan ng Kababaihang Pilipina) at KALAYAAN, 1983 (Katipunan ng Kalayaan Para sa Kababaihan) na magbibigay-daan sa pagkabuo ng feministang diskurso at ang pagkakabuo ng SAMAKANA AT GABRIELA, 1984, 250-253. Sa naturang aklat, binabanggit din nina Jose at Navarro na sa panahong ito, tumayo ang KABAPA (Katipunan ng Bagong Pilipina) na kumikilos naman sa kanayunan, "Kabayanihan ng Kababaihan sa HUKBALAHAP at HMB," 237.

uumpisang ito.<sup>75</sup> Ipinaliwanag naman ni Taguiwalo ang kunteksto ng pambansang demokratikong kilusan sa panahong iyon: ang pokus ng kilusan ay nasa anti-diktadurang pakikibaka, mga pambansang isyu tulad problema sa lupa, sahod at kundisyon sa paggawa at lahat ng sektor ay nag-uumpisa pa lamang sa artikulasyon at kuntekstwalisasyon ng kanilang pagkilos. Nang ideklara ang batas militar, na-iligalisa ang MAKIBAKA kung kaya nanatiling lihim ang pagkilos ng mga kasapi nito. Ang mga pangunahing kadre ng MAKIBAKA ay napilitan ding bumase sa kanayunan.<sup>76</sup> Si Lorena Barros, ang pangkalahatang tagapangulo nito ay nagpasya ring bumase sa kanayunan sa rehiyon ng Bicol, sumapi sa NPA, naaresto noong 1973, tumakas noong 1974 at muling bumalik sa probinsya ng Quezon hanggang napatay noong Marso 24, 1976.<sup>77</sup>

Pagdating nga ng dekada 80, sa kasagsagan ng mga pakikibaka kontra demolisyon at ng lumalakas na protesta sa pagkakapatay kay Ninoy Aquino, nabuo noong 1984 ang Samahan ng Malayang Kababaihang Nagkakaisa (SAMAKANA).<sup>78</sup> Sa simula, ang SAMAKANA ay pinamunuan ni Petite Peredo at isang malaking pangkat ng mga ina sa Marikina na nakilalang Concerned Women of Marikina. Nang lumaon, tinawag nila itong SAMAKANA.<sup>79</sup> Ang SAMAKANA ay masasabing isang pagpupunyaging humantong para maitayo ang multi-sektoral na samahang pangkababaihan, ang GABRIELA (General Assembly Binding Women for Integrity, Equality, Leadership and Action). Ayon kay Nanay Leleng, ang SAMAKANA, ang organisasyon ng maralitang kababaihan na tatayo sa Tundo:

*Pagkamatay naman ni Ninoy noong 1983, pumasok naman ako ng SAMAKANA noong 1984. Ang SAMAKANA ang unang organisasyong pangkababaihan ng mga maralitang tagalunsod. Ako ang unang lider ng kababaihan dito. Naunang naitayo ito bago ang GABRIELA. Nilalaban ng SAMAKANA ang pambubugbog ng mga lalake. Yung violence against women. Ganon din yung kahirapan. Inoorganisa namin yung mga babaeng inaapi ng asawa. Dito sa loob ng North Harbor, ako ang unang naging SAMAKANA. Pagkatapos pa ng isang taon bago nagkaroon ng GABRIELA. Pero namaintain ang SAMAKANA. Nagkaroon pa nga ng kabuhayang pautang dito. Noong tumayo na*

<sup>75</sup> De Dios, *Women's Role*, 146.

<sup>76</sup> Judy Taguiwalo, "Marching Under the Red and Purple Banner: Notes on the Contemporary Women's Movement in the Philippines," *Laya Feminist Quarterly* (1992).

<sup>77</sup> Gomez, "Maria Lorena Barros, *Gentle Warrior*," 70-78.

<sup>78</sup> Ginagamit pa ang *acronym* na ito hanggang 1988. Sa ngayon ito ay Samahan ng Maralitang Kababaihang Nagkakaisa.

<sup>79</sup> Corpuz, 90; *Piglas-Diwa*, 18.

*ang GABRIELA, parang nacombine na yung mga SAMAKANA members at GABRIELA. Kasi si Nanay Mary nasa GABRIELA na. Siya yung dating national leader ng SAMAKANA. Alam mo ba ang SAMAKANA, buong Pilipinas yon. May Iloilo, Bacolod, Cebu. Mayroong lider dito sa Smokey Mountain, yung umalis noong nakaraang Linggo. Nakitira lang yon sa building ng Diosdado Macapagal Tenement. Nagkaroon din dati ng daycare sa Magdalena at Fugoza. Pero wala ng eskwela ngayon, parang opisina na lang. Mayroon din isang opisina sa may N. Hizon.<sup>80</sup>*

Ang layunin ng SAMAKANA ay upang matulungan ang kababaihan sa mga komunidad ng maralitang lunsod na makamit ang kabuuan nilang pag-unlad tungo sa kanilang paglaya. Kasama na rito ang sistema at serbisyo sa pag-aalaga ng bata at mga serbisyong pangkalusugan para sa kababaihan.<sup>81</sup> Itinatag ito noong Setyembre 14, 1983. Organisasyon ito ng mga kababaihan sa hanay ng maralitang tagalunsod na nagsusulong ng karapatan ng kababaihan para sa katiyakan sa paninirahan, serbisyong panlipunan, sahod, trabaho at karapatan. Kasabay din nitong nilalayong ipaglaban ang karapatan bilang babae at nagnanais na wakasan ang tumitinding paniniil at karahasan sa mga bata at kababaihan. Umiikot sa pag-oorganisa, pagbibigay ng edukasyon, pagsasagawa ng mga misyong medikal at paglulunsad ng mga kampanya para sa karapatan ng kababaihan ang gawain ng SAMAKANA.<sup>82</sup>

Dito ay kinilala ng mga lider-maralita na kailangan na ring tugunan ang lumulubhang problema ng kababaihan sa karahasan sa loob ng tahanan tulad ng pambubugbog at pamimilit. Pang-araw-araw na nangyayari ito sa mga mag-asawang Pilipino laluna sa hanay ng maralita sa Tundo. Subalit nangyayari pa rin kahit sa mga mulat at organisadong mag-asawa. Halimbawa nito ang kwento ni Nanay Nora na ang dating asawa'y isang mataas na upisyal ng unyon ng La Tondeña:

*Lagi nya rin akong nasasaktan. Yung nakwento ko tungkol dun sa kinakapatid ko? Hindi siya umaamin noon, ang ulo ko, binubundol niya sa pader. Natuto akong uminom dahil dyan. Nagsasara ako ng pintuan, uupo ako sa set ko, maganda ang set ko noon, nandun sa kanto yung Cuatro Cantos na Gin. Umiinom ako mag-isa. Darating yan, makikita niya ako, hindi ako kumikibo. Pinagbubuhatan niya ako ng kamay. Sinasampal, binubugbog, binubundol ang ulo ko sa pader, sinakal nya pa ako at sasaksakin pa niya ako dun pa sa gate ng La Tondeña. Hiyang-hiya talaga ako. Sabi ko sa kanya, nasa tiyan pa lang ang anak natin, nakiusap na ako sa iyo na layuan mo na lang ako. Ayaw ko ng gulo. Ngayon ako pa ang pag-isipan mo ng ganyan? Sobra-sobra magselos.<sup>83</sup>*

<sup>80</sup> Zarzuela, panayam.

<sup>81</sup> *Piglas-Diwa*, 18.

<sup>82</sup> <http://www.facebook.com/pages/SAMAKANA-S...>

Dumaraing na rin ang mga kababaihan sa hirap dulot ng dobleng pasanin, pag-aasikaso sa mga anak habang hirap din sila sa pagtatrabaho; pamimigil ng mga mister nila na lumahok sa mga gawaing pangkomunidad at pakikisangkot sa mga pampulitikang usapin tulad halimbawa ng pabahay. Ito ay liban pa sa nilalahukan nilang mga pakikibaka laban sa demolisyon, mataas na sahod kung manggagawa, patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin at serbisyo.

Ayon kay Nanay Leleng, sadyang mahirap para sa mga babae, dagdag na oras ulit ito, at kaabalahan sa patung-patong nang gawaing nakaatang sa kanilang mga balikat, pero aniya, ito'y isang positibong gawain para na rin sa pagpapalakas ng kanilang sarili.

Nakapagpapalakas sa mga kababaihan ang mismong pagsali sa organisasyon, pagdalo sa mga seminar at pagsama sa mga rali. Ang halaga ng mga ganitong organisasyon at aktibidades ay malawak, mula sa pagtugon sa kagyat na pangangailangang pangkabuhayan, at seguridad sa paninirahan hanggang sa emosyunal na katatagan at sa mas mataas pang antas ng pagkamulat at paglaban sa kanilang karapatan at pakikisangkot sa mga usaping pambayan.

### Samantalang kay Nanay Leleng,

*Mahalaga ang mga pag-aaral sa pagpapalakas. Hindi naman pwedeng susungkab ka lang. Dapat puno ka rin ng edukasyon. Isipin mo na lang kung hindi ka kikilos, sino ang kikilos? May mangyayari ba? Biruin mo naman sa mga kabi-kabilang demolisyon, sa San Juan, sa Navotas, may dalawang namatay dun bago pa natigil ang demolisyon. Natuto akong mag-organisa, yung gawaing masa. Natuto akong magdala ng pulong. Minsan nga nagpupulong kami diyan sa Espiritu Santo, tapos may mga pulis sa ibaba, huhulihin kami. Lumusot kami sa likod. Pero sabihin ko sa iyo, sa mga ganyang karanasan ako tumapang. Karanasan ang magtutulak sa isang tao para tumapang. Hindi sa taas ng pinag-aralan. At kapag tumatapang ka, tumatatag ang iyong laban.<sup>84</sup>*

Hindi dapat maliitin ang mga dahilan kung paano napapasangkot ang mga maralitang kababaihan sa mga organisasyong pangkababaihan at kilusang panlipunan. Nagpapatunay lamang ito na may ginhawa silang nararanasan batay sa kanilang kongkretong kalagayan sa buhay at mga pangangailangan. Pangunahing suliranin ang kabuhayan at paninirahan kung kaya nakagaganyak sa kanila ang mga proyekto at programang may ganitong nilalaman at lapit. Ang mismong pagsasamahang dulot ng kasapi sa organisasyon ay maaring ituring na dibersyon at ginhawa sa nakakaaburidong pang-araw-araw na buhay.

<sup>83</sup> Villanueva, panayam.

<sup>84</sup> Zarzuela, panayam.

Maaari din itong tingnan na pagrerebelde mismo sa mga imposisyon, paghihigpit at pagbabawal ng mga asawa, at muling pagkadiskubre ng mga kaya nilang gawin at pagkalasap ng kalayaang pwede pala nilang tamasahin sa proseso ng kanilang pakikisangkot. Ang pakikihalubilo sa ibang may katulad na danas ay nagbibigay ng pakiramdam na hindi sila nag-iisa at kapag magkakasama ay nagpapalakas ng moral at pag-asang may mababago pa sa kanilang sitwasyon.

Ang pag-unawa at pagkilos sa pampulitikang usapin ay hindi kaagad-agad na dumarating. Kaya hindi rin magandang kalburuhin o pilitin. Dumaraan ito sa matagal na proseso ng edukasyon at aktwal na pagsabak sa gawaing pag-oorganisa, paglahok sa mga rali at demonstrasyon, pagdadala ng pulong, pagsasalita at pakikiharap sa iba't ibang uri ng tao, kapanalig man o kanilang kaaway. At gaya ng ipinakita ng karanasan ni Nanay Leleng, mababaw lang sa simula ang motibo niya sa paglahok sa mga ganitong organisasyon pero napatatag at napatapang siya ng mahabang karanasan ng gawaing masa at aksyong pangmasa kung kaya narating niya ang mataas na lebel ng pagsasakapangyarihan.

Inisyatiba rin mula sa labas ng Tundo ang pagkabuo ng SAMAKANA at hindi galing sa loob. Subalit ang mahalaga ay kung bakit ito niyakap ng mga kababaihan ng Tundo na dati nang naoorganisa sa ZOTO at iba pang lokal na samahan. Ibig sabihin, may kongkretong batayan ang mga isyung pangkababaihan batay sa kanilang sariling danas. Kung noon umiikot sa pakikibaka para sa lupa, paninirahan at kabuhayan ang kanilang pinagtutuunan, dumating ang panahong higit silang nagkamalay at sistematisado nilang nasuri ang mga isyung pangkasariang bumabagabag sa kanilang mga sarili. Simula 1984, mga inisyatiba mula sa pambansang demokratikong kilusan ang magiging instrumento sa pagbubuo ng samahang pangkababaihan sa Tundo.

Magulo na ang sitwasyon noong 1984 dahil sa pagkakapatay kay Ninoy Aquino noong Agosto 21, 1983. Nagbunga ang pangyayaring ito ng napakaraming ispontanyong pagkilos ng mamamayan laban kay Marcos. Panahon din ito na kayraming koalisyon at alyansang nabuo na nagkaisang labanan at pabagsakin ang diktadura ni Marcos. Kabikabila ang mga rali at demonstrasyon laban sa batas militar. Malakas ang pagkilos ng iba't ibang sektor sa Maynila at iba pang sentrong urban. Ang mga pagkilos ng manggagawa ay umaabot sa tinatawag na koordinadong welga o welgang pang-industriya. Welgang bayan naman ang isinasagawa ng mga tsuper. Ito rin ang panahon ng pagsukdol ng krisis pang-ekonomiya ng Bagong Lipunan, ng malalaking krisis ng pangungutang panlabas. Maging ang malalaking negosyanteng Pilipino at mga relihiyoso ay nakisama rin sa pagtuligsa sa pamahalaan hanggang ang naging *battlecry* ng lahat ay "**TAMA NA, SOBRA NA!**"

## MGA SANGGUNIAN

### Panayam

- Cobarrubias, Manuel A., Faustino R. Perez at Juanito T. Ventura. United Nations Avenue, Manila, 27 Oktubre 2004. ***Our Tondo: An Oral History of Tondo from the 1920s to the 1960s***. 3 Bolyum. Transkrip. Panayam ni Nancy Kimuell-Gabriel sa ilalim ng Proyektong Kasaysayang Pasalita ng Torres High School Class 55 Foundation, 2004-2007.
- Corazon, Jun. Moriones, Tundo. 16 Agosto 2011.
- Degollacion, Ma. Salome. Temporary Housing, Aroma, Vitas, Tundo. 5 Abril 2011
- Ela, Lydia Alejandro, Dagat-Dagatan, Navotas. 30 Mayo 2012.
- Guazon, Edmund. Maginoo, Magsaysay Village, Tundo. 6 at 7 Abril 2011.
- Guazon, Felicitas Griar. Maginoo, Magsaysay Village, Tundo. 7 Abril 2011.
- Herrera, Trinidad Gerilla. Dagat-Dagatan, Caloocan. 22 Marso 2011 at 19 Pebrero 2012.
- Planas, Charito L. Lungsod Quezon. 27 Mayo 2011.
- Villanueva, Nora. Capulong Highway, Tundo. 15 Abril 2011.
- Villanueva, Nora at Loberiano Timoteo E. Capulong Highway, Tundo. 14 Abril 2011.
- Zarzuela, Leona Berbijo. Moriones, Tundo. 19 Agosto 2011.

### Aklat

- Abinales, Patricio N. & Donna J. Amoroso. ***State and Society in the Philippines***. Pasig City: Anvil Publications, 2005.
- Aldana, Cornelia H. ***A Contract for Underdevelopment***. Philippines: IBON Databank Inc., 1989.
- Arriola, Fe Capellan. ***Si Maria, Nena, Gabriela atbp. Kwentong Kasaysayan ng Kababaihan***. Manila: GABRIELA at St. Scholastica's College, 1989.
- Bello, Walden, Herbert Docena, Marissa De Guzman & Marylou Malig. ***The Anti-Development State: The Political Economy of Permanent Crisis in the Philippines***. Manila: Anvil Publications, 2009.
- Corpuz, Carmelita C. ***Mula Noon Hanggang Gabriela: Ang Kababaihan sa Kasaysayan ng Pilipinas Hanggang mga 1980***. Manila: De La Salle University Press, 2003.
- De Dios, Aurora J. "Participation of Women's Groups in the Anti-Dictatorship Struggle: Genesis of a Movement." ***Women's Role in Philippine History: Selected Essays, 141-168***. Quezon City: UP University Center for Women's Studies, 1996.
- Fortich, Chic. ***Escape! Charito Planas: Her Story***. Quezon City: New Day Publishers, 1991.
- Guerrero, Amado. ***Philippine Society and Revolution*** (1970). Philippines: Aklat ng Bayan, Inc., 2005.
- Gomez, Maita. "Maria Lorena Barros, Gentle Warrior." Asuncion David-Maramba, pat. ***Six Young Filipino Martyrs***. Pasig City: Anvil Publications & Ateneo De Manila, 1997.
- Jose, Mary Dorothy dL. at Atoy Navarro. ***Kababaihan sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino***. Quezon City: C&E Publishing, Inc. 2010.
- Lichauco, Alejandro A. ***Towards a New Economic Order and the Conquest of Mass Poverty***. Philippines: Alejandro Lichauco, 1986.
- Ofreneo, Rene E. ***Capitalism in Philippine Agriculture***. Quezon City: The Foundation for Nationalist Studies, 1987.

Sison, Jose Ma. at Julieta de Lima. *Ekonomiya at Pulitika ng Pilipinas*. Pilipinas: Aklat ng Bayan, 2003.

Vizmanoz, Danilo P. *Martial Law Diary and Other Papers*. Quezon City: Ken Inc., 2003.  
**Women's Role in Philippine History: Selected Essays**. Quezon City: UP University Center for Women's Studies, 1996.

### Dyornal

Ambrosio, Dante L. "Militanteng Kilusang Manggagawa sa Kamaynilaan: 1972-1982 Paghupa, Pag-ahon, Pag-agos." sa *Ang Kilusang Masa sa Kasaysayang Pilipino 1900-1992*. Edited by Jaime B. Veneracion. *Philippine Social Science Review Special Issue* (January-December 1994):146-190.

Center for Women Resources (CWR). "Maralitang Kababaihan sa Lunsod." *Piglas-Diwa: Isyu't Tunguhin sa Pakikibaka ng Kababaihan* 2, blg. 3 (Hulyo-Setyembre 1988).

Honculada, Jurgette A. "Case Study: ZOTO and the Twice-Old Story of Philippine Community Organizing," *Kasarinlan*, 1:2 (4<sup>th</sup> qrtr, 1985): 13-24.

Mendoza, Meynardo P. "ZOTO: On Its 25<sup>th</sup> Year: Lessons & Challenges." *Intersect* (1995): 18-22.

Taguiwalo, Judy. "Marching Under the Red and Purple Banner: Notes on the Contemporary Women's Movement in the Philippines." *Laya Feminist Quarterly* 3 (1992).

Sylvia Madiaga: Q & A With a Woman Guerilla," *Laya Feminist Quarterly* 1 no. 4 (1992): 4-14.

### Manuskrito

Kimuell-Gabriel, Nancy. "Batas Militar at Kapangyarihang Bayan: Ang Huling Tatlong Dekada sa Dantaon 20," Seminar in Teaching Philippine History. (Tarlac City: Tarlac State University, UP Departamento ng Kasaysayan and Commission on Higher Education, April 2-3, 2001), manuskrito.

"Nagwelga Kami at Kami ay Nagtagumpay!" Pahayag ng mga Manggagawa ng La Tondeña Incorporada, Oktubre 28, 1975, 2. manuskrito.

"Pahayag ng mga Manggagawa ng La Tondeña Incorporada: Sobra Na! Magwewelga na Kami!" Oktubre 24, 1975, 2, manuskrito.

### Disertasyon

Kimuell-Gabriel, Nancy A. *Pook at Pagsasakapangyarihan: Ang Kababaihan ng Tundo 1946-2008*. University of the Philippines, Doctoral Dissertation, October, 2012.

### Pahayagan at Magasin

Coronel, Edmund. "What Price Development for Squatters?" *Mr. & Ms.*, November 9-16, 1984.

Tejero, Constantino. "Caretakers of Those That God Forgot," *Sunday Inquirer Magazine*, March 19, 1989.

### Net

Ambrosio, Dante L. "Batas Militar: 1972-1986, 3 Bahagi. Part 1:4, <http://philippinehistory.ph/batasmilitar-1972-1986-1-2>.Oktubre 2, 2011.

Ambrosio, Dante L. 1:3. <http://philippinehistory.ph/batas-militar-1972-1986-3-2>. Oktubre 2, 2011.

<http://www.facebook.com/pages/SAMAKANA-S...Hulyo3, 2011>.